

ANALISIS NG MGA KOMPETENSING DI-LUBUSANG NATUTUHAN
SA FILIPINO SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT)
SA IKAAPAT NA TAON NG PAMBANSANG PAARALAN
NG SAMAR : BATAYAN PARA SA ISANG
INTERVENSYONG PROGRAMA

Isang Tesis
Inihiarap sa
Kaguruan ng Kolehiyo ng Pag-aaral
Samar State University
Catbalogan


Bilang Bahagi ng mga Gawaing Kailangan Para sa
Degring MASTER SA SINING NG PAGTUTURO

LORETA T. BAYSA

Nobyembre 2006

DAHONG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang, "**ANALISIS NG MGA KOMPETENSING DI-LUBUSANG NATUTUHAN SA FILIPINO SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT) NG MGA ESTUDYANTE SA IKAAPAT NA TAON NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR: BATAYAN PARA SA ISANG INTERVENSYONG PROGRAMA,**" inihanda at iniharap ni **LORETA T. BAYSA**, pagkatapos makapasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay itinatagubilin para sa isang Pasalitang Pagsusulit.


ULRICO B. MUSTACISA, Ed.D.
Tagapayo

=====

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit noong Nobyembre 18, 2006 na may gradong **PASADO**.


MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.
Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo


ANITA P. LEGATUB, MAT
Kawaksing Profesor V, SSU
Kagawad


SUZETTE L. CORDUWA, M.A.
Kawaksing Dekano, SSU
Kagawad

=====

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng mga Gawaing Itinakda para sa pagtatamo ng degring **MASTER SA SINING NG PAGTUTURO**, medyor sa **FILIPINO**.


MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.
Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Nobyembre 18, 2006
Petsa ng Pasalitang Pagsusulit

PAGKILALA

Ang walang humpay na paghihikayat, pamamatnubay at lahatang suporta ng mga tao, institusyon at grupo ng mga taong nakibahagi sa mananaliksik ay lubusang pinasasalamatan at pinahahahalagahan, dahil dito, ang gawang ito ay di-mabubuo at matutupad, hanggat di-sila nabibigyan ng taos pusong pagkilala at pasasalamat:

Kay **Dr. Marilyn D. Cardoso**, Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, Samar State University, Catbalogan, Samar; sa paghihikayat sa mananaliksik na tapusin ang Gradwadong Pag-aaral sa MAT-Filipino;

Kay **Dr. Ulrico B. Mustacisa**, dating Tagamasid sa Filipino, Sangay ng Samar, Catbalogan; at Kasalukuyang Dekano ng Kolehiyo, Calbiga Western Samar College (CWSC) Tagapayo, sa di-maramot at intelektwal at ekspertis sa larangang Filipino;

Sa Lupon ng Pagsusulit na sina: **Dr. Marilyn D. Cardoso**, Tagapangulo, Kawaksing Dekano **Suzette L. Corduwa** at Kawaksing **Anita P. Legatub** na nagbigay ng mga mapagbuong puna at suhestiyon upang mapabuti ang pag-aaral na ito.

Kay **Dr. Teotimo M. Orbeso**, dating Tagapamanihala ng Sangay sa pag-aaprubang pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral.

Kay **Dr. Alfredo D. Dacuro**, Tagapamanihala, Sangay ng Samar, Catbalogan sa pagbibigay ng pahintulot sa mananaliksik sa pagdalo sa mga seminar na nakapagpasidhi sa kanyang kabatiran sa Filipino;

Kay **G. Antonio F. Caveiro**, Prinsipal, Pambansang Paaralan ng Samar, sa suportang ipinagkaloob sa paggamit ng mga kaukulang dokumento, mga kalahok at iba pang kansern;

Kay **Dr. Luz Macairan**, Prinsipal, Silanga Nasyunal Haiskul/SNS Annex, Silanga, Catbalogan, sa paggamit ng mga estudyante bilang "try-out" ng instrumentong ginamit sa pag-aaral;

Kay **Gng Elenita L. Advincula**, Pangalawang Tagapamanihala, Sangay ng Samar, Catbalogan; sa kanyang paghihikayat at pagfasilitet ng sulat kahilingan;

Sa mga **Guro** sa Filipino at mga **estudyante** sa ikaapat na taon ng SNS bilang tagasagot sa pag-aaral; Espesyal na pagbanggit kay **G. Jose Legatub** para sa iba-ibang tulong;


at kay **Gng. Marife Y. Abalos**, kawani ng SSU sa enkoding at pag-aayos ng manuskrito;

Espesyal na pagkilala sa butihing kabiyak ng mananaliksik, kay **Dr. Florencio D. Baysa**, Prinsipal, Wright Nasyunal Haiskul, Paranas, Samar; kaalinsabay sa kanyang mga Hiyas na sina **Dexter** at **Loren** sa di-matatawarang tulong-moral, finansyal at ispiritwal; at

Sa huli, ang walang hangganan pagsamba at pananalig sa Dakilang Panginoon na Siyang tanging patnubay at may Gawa sa anumang bagay dito sa mundo.

Silang lahat ang naging kaagapay para sa reyalisasyon ng gawang ito.

L.T.B.



HANDOG

Sa aking mapagmahal na asawa,

Prudy;

mga anak:

Dexter at Loren at

sa kaisa-isa kong apo;

Sophie;

TAOS PUSO KONG INIHAHANDOG

Ang pag-aaral na

ito.

Loret

ABSTRAK

Tinangka ng pag-aaral na ito ang suriin ang mga kompetensong dilubusang natutuhan sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) sa ikaapat na taon ng Pambansang Paaralan ng Samar ng Taong Panuruan 2005-2006. Dalawang interbensiyong program ang itinatagpuan ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Una, ang pagsasagawa ng isang masidhing pagsasanay (intensive training) o worksyap ng mga guro sa Filipino at mga administrador ng mga paaralan na bibigang tuon ang pagsusuri ng mga kompetensong dilubusang natutuhan sa lahat ng antas o taon ng haikul. Ikalawa, ang maglikha ng komite na gagawa ng pagsusulit na susunod sa format at kontent ng Filipino sa bagong kurikulum. Pinatotohanan na nagulang ay dinagkaroon ng kaugnayan sa mga pagsusulit na kinuha nila. Maaring maisaad dito, na ang mental na kakayahan kaysa sa kronolohikal na gulang ang tanging panukat sa kakayahan. Sa kasarian naman ito'y dinagkaroon ng kaugnayan; babae man o lalake ay pare-pareho lang ang nakukuhang performans sa mga pang-akademikong gawain. Ang markang natamo sa Filipino ay malakas na nakatutulong sa performans; ang may mataas na iskor at yaong may mataas na grado at performans; ang may mataas na grado ay nagkaroon din ng mataas na iskor at yaong may mababang grado ay mababa naman ang iskor na nakukuha. Sa sanligang edukasyon ng mga magulang; ang may mataas na kita ng mga magulang ay mababang iskor na nakuha sa resulta na nangangailangan pa ng pagsisiyasat.

TALAAN NG NILALAMAN

Dahong Pamagat	i
Dahong Pagpapatibay	ii
Pagkilala	iii
Handog	vi
Abstrak	vii
Talaan ng Nilalaman	viii

<u>Kabanata</u>		<u>Pahina</u>
1	ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	1
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	5
	Ipotesis	8
	Batayang Teyoritikal	8
	Batayang Konseptuwal.	10
	Kahalagahan ng Pag-aaral	12
	Saklaw at Delimitasyon	14
2	REVYU NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	18
	Kaugnay na mga Literatura	18

Kabanata**Pahina**

	Kaugnay na mga Pag-aaral	22
3	METODOLOHIYA	36
	Desinyo ng Pananaliksik	36
	Instrumentasyon	37
	Validasyon ng Instrumento.	37
	Paraang Sampling	38
	Paglikom ng mga Datos	39
	Paglalapad Istadistika ng mga Datos . .	39
4	PRESENTASYON, ANALISIS AT	
	INTERPRETASYON NG MGA DATOS	43
	Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot. .	43
	Saloobin ng mga Estudyanteng Tagasagot Sa Sabjek na Filipino	51
	Mean Percentage Score ng mga Estudyante sa Mock NAT at NAT	54
	Mga Kompetensong Di-lubusang Natutuhan sa Mock NAT at NAT at Kabuuang Tamtaming Iskor	55
	Paghahambing ng MPS ng mga Estudyante sa Mock NAT at NAT.	58
	Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa Mock NAT at Profayl ng mga Estudyante	59

Kabanata**Pahina**

Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa NAT at Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot	64
Intervensyong Programang Itinagubelin Base sa Kinalabasan ng Pag-aaral	69
5 LAGOM, KINALABASAN NG MGA RESULTA, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON.	71
Lagom ng mga Kinalabasan	71
Konklusyon	76
Rekomendasyon	79
TALASANGGUNIAN	82
A. Mga Aklat	82
B. Mga Magasin at Peryodikal	82
C. Mga Di-nalathalang Materyal	83
D. Elektronik at Ibang Materyal	84
APENDISES.	85
KURIKULUM BITA	117
Talaan ng Figura	123
Talaan ng mga Talahanayan	124

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

Panimula

Ang halaga ng isang mabuting akademikong pagsasagawa ay nakahikayat sa mga kinauukulan tulad ng mga estudyante, mga guro at mga magulang na makilala ang tunay na mga salik na nakaaambag sa mataas na performans ng mga estudyante sa kani-kanilang pang-akademikong larangan. Ang panghuling layunin dito ay ang mailapat ang kabatirang natamo sa edukasyunal na kalagayan at maiangat ang level ng pagtatamo sa akademikong aspekto.

Maraming mga pag-aaral at pananaliksik ang mga naisagawa subalit bigo pa rin ang karamihan sa dahilang ang inaasahan ng mga ito ay di man lang matugunan; kaya ang mag-aaral na Pilipino sa isang mabilis na pabagobagong mundo ay nabigyan ng karapatan sa isang pangmahabang buhay na pagkatuto ay isang aktibong tagagawa ng katuturan at siya ang natututo sa anumang pangangailangan na malaman kahit na sa bagong konteksto. Kaya sa kapangyarihang kanyang tinaglay ay may kakayahang matuto at siya'y may kasanayan pangkabuhayan; para siya'y maging sariling nalinang na taong makabayan, makatao,

makakalikasan at makaDiyos. Ito ang visyon ng batayang edukasyon ng Pilipinas sa kapwa formal at non-formal na edukasyon.

Nililintang sa Filipino ang makrong kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at ang pag-iisip sa ating pambansang wika. Sa unang anim na grado, ang mga tiyak na kasanayang ito ay nililintang sa komunikasyong sitwasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba't-ibang materyal hangga't matamo ang punto ng pagkatuto. Ipinakikilala sa mga kabataan ang mga materyal na tugma, tula, jingles, kwento at dayalogong naaangkop sa kani-kanilang grado at kahalintulad din sa kontent mula sa Araling Panlipunan.

Sa kontrast ng nakaraang kurikulum, ang nakalaang oras para sa Filipino sa mga baitang 1-3 at una hanggang ikaapat na taon ay nadagdagan, nang sa gayon maging sapat ang pang-unawa sa bawat aralin na sasaklaw ng varayti ng literari at non-literaring teksto sa pagbasa at mga gawaing pangkumprehensyon. Pagkatapos ng ikatlong grado, ang bawat mag-aaral ay inaasahang makababasa at makauunawa na kahit na payak na mga talataan na may iba-ibang teksto sa Filipino.

Bilang pagtugon sa pangangailangan ng kontemporaryong panahon, sinikap ng mga edukador ang baguhin ang kurikulum sa elementarya at sekondarya. Tinatawag itong batayang edukasyon dahil sa inihahanda ang mga mag-aaral para sa kursong pangkolehiyo at kung hindi man sila makapagpatuloy ng kanilang mataas na pag-aaral, maging terminal na edukasyon na ito at handa na sila gumanap ng alinmang trabaho sa lipunan nilang ginagalawan.

Datapwat ang pagbabago rin ng kurikulum ay nagdala rin ng iba-ibang problema sa mga kinauukulan; sa pagtuturo't pagkatutong kalagayan na kung saan kaagapay rito ang mga kagamitan, tulad ng teksbuk, klasrum, fasilidad at maging kapaligiran ng mga mag-aaral.

Ang Sangay ng Samar ay palaging nagbibigay ng pagsusulit sa taong level ng haiskul sa lahat ng subjek. Sa kalagitnaan ng taon ay mayroon tinatawag na Midyear Test at pagkatapos ng taon ay ang Division Achievement Test. Batay sa mga nakalap na datos mula sa mga files; napag-alaman na ang performans ng subjek na Filipino ay ang sumusunod: TP 2002-2003, 55.11; TP 2003-2004, 56.05; TP 2004-2005, 57.75.

Ang National Achievement Test (NAT) bagaman naibigay sa Taon Panuruan 2002-2003 ay para lamang sa mga

estudyante sa unang taon ng sekondarya. Tatlong sabjek lamang ang sinubok; English, Science at Mathematics. Hindi kasama ang sabjek na Filipino sa di-alam na kadahilanan. Naisama na lang ang naturang sabjek sa mga kasunod na taon pero di-gaanong kasiya-siya ang resultang natamo ng mga kinauukulan.

Bagaman ang Sangay ng Samar ay isa sa tatlong nangungunang divisyon sa buong rehiyon; di gaanong mataas ang nakukuhang performans nito sa sabjek na Filipino. Sa partikular na pagbanggit kung resulta ang pag-uusapan ang Pambansang Paaralan ng Samar, bagama't ito ang pangunang paaralang sekondarya ng Samar ay nahuhuli sa performans sa sabjek na Filipino.

Ang National Achievement Test (NAT) para sa ikaapat na taon ng Taong Panuruan 2005-2006 ng Kagawaran ng Edukasyon ng National Education Testing and Research Center (NRTRC) ay nagpalabas ng resulta batay sa Mean Percentage Scores ng Subtests sa bawat paaralang sekondarya ng Sangay. Ang result sa limang subjek na sinubok, ay narito: English 63.10; Science, 55.39; Mathematics, 75.50; Filipino, 48.36 at Araling Panlipunan, 65.61 na may kabuuang MPS na 61.81.

Batay sa mga datos na nailahad, ang Filipino ay may MPS lamang na 48.36 at siyang pinakahuli sa limang subjek. Sa kaligiran naman ng pinagmulan ng pananaliksik na ito, ang Pambansang Paaralan ng Samar ay nakakuha lamang ng MPS na 48.35 na bumaba ng .11 na puntos ng divisyon mean. Ang kalagayang ito ay nakapukaw pansin sa kinauukulan na magsagawa ng isang pag-aaral na nauugnay sa performans ng mga estudyante sa larangang Filipino. Dagdag pa, ito rin ang nag-udyok sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito.

Paglalahad ng Suliranin

Tinangka ng pag-aaral na ito ang suriin ang mga kompetensong di-lubusang natutuhan sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) sa ikaapat na taon ng Pambansang Paaralan ng Samar; ng Taong Panuruan 2005-2006.

Sa katiyakan, sinagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Anu-ano ang profayl ng mga estudyanting tagasagot sa ikaapat na taon ayon sa :

1.1 gulang;

1.2 kasarian;

1.3 markang natamo sa Filipino;

1.4 saligang edukasyon ng mga magulang; at

1.5 sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang?

2. Ano ang saloobin ng mga estudyante sa subjek na Filipino?

3. Anu-ano ang Mean percentage Score (MPS) ng mga estudyante sa ikaapat na taon sa Mock NAT at NAT sa Filipino ayon sa sumusunod na kompetensi:

3.1 Naipagpapakahulugan ang mga talinghaga ng salita;

3.2 Nakapagpapatunay ng pagkamatotohanan ng tauhan;

3.3 Natutukoy ang mga tauhan sa akda batay sa kilos, gawi at pananalita;

3.4 Nabibigyang puna ang paghahanay ng mga simbolo sa mga tiyak na kabanata/tauhan ng akda;

3.5 Natutukoy ang mga bahaging nagpapahayag ng larawang diwa, at nagbibigay aliw sa mambabasa;

3.6 Nailalahad ang bisa ng kaisipan batay sa refleksyon sa pambansang kamalayan at sa lipunan;

3.7 Naibibigay ang lagom na isinasaad ng may-akda;

3.8 Nasusuri ang akda batay sa mga bahaging nagpapaliwanag;

3.9 Nasusuri ang akda batay sa istraktura ng banghay ayon sa kasukdulan at di-inaasahang wakas; at

3.10 Nasusuri ang akda batay sa magandang saloobin at damdaming inilalahad ng tauhan.

4. Anu-ano ang mga kompetensing di-lubusang natutuhan ng mga estudyante at kabuuang tamtamang iskor na nakuha mula sa Mock NAT at NAT?

5. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng MPS ng mga estudyante sa Mock NAT at NAT?

6. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS sa Mock NAT at NAT at profayl ng mga estudyante ayon sa mga sumusunod.

6.1 gulang;

6.2 kasarian;

6.3 markang natamo sa Filipino;

6.4 sanligang edukasyon ng mga magulang; at

6.5 sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang?

7. Anong interbensiyong programa ang maaaring itagubilin base sa kinalabasan ng pag-aaral na ito?

Ipotesis

Sinubok sa pag-aaral na ito ang sumusunod na ipotesis :

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa mga resultang natamo ng mga estudyante sa Mock NAT at NAT.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS sa Mock NAT at NAT at profayl ng mga estudyante ayon sa:

2.1 gulang;

2.2 kasarian;

2.3 markang natamo sa Filipino;

2.4 sanligang edukasyon ng mga magulang; at

2.5 sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang.

Batayang Teyoritikal

Ang pag-aaral na ito ay ibinase sa pangkalahatang kaalaman ni Atkinson (1938:278) na nagbibigay empasis sa intelehensiya ng tao na maaaring nababahagi sa bilang ng primaryang kakayahan. Upang matukoy ang kakayahang ito; inilapat niya ang paraan ng faktor analisis sa mga resulta mula sa mas malaking bilang ng pagsusulit at ginamit din niya ang iba-ibang anyo ng aytem. Ang isang set ng aytem ay para sa verbal na kumprehensyon at ang isa ay sa aritmetika na may kompyutasyon. Ninais din niya na makahanap ng mas may katuturan na paraan sa pagpangkat ng

pagsusulit pangkaalaman ng aytem kaysa sa masagwang pamaraan ng pagpili ng aytem na kailangan ang iskalang verbal at performans tulad ng kina Stanford-Binet at Weckrsler na pagsusulit.

Pagkatapos sa pagkonekta ng mga iskor ng pagsusulit, inilapat niya ang faktor analisis upang makarating sa batayang elemento. Ang mga aytem na mahuhusay ay ibinukod at ang mga aytem na di gaanong mabuti ay binuo muli upang magkaroon ng panibagong istraktyur. Ang mga ito ay ibinigay din sa ibang pangkat ng kalahok at ang interkoneksiyon ay sinuri uli ng mananaliksik. Tinukoy din ng proponent ang pitong salik ng primaryang kakayahan: pagbabanggit, verbal na kumprehensyon, matatas na pagsasalita, bilang ng ispasyo, pag-iisip, perspetwal na bilis at pangangatwiran.

Ayon kay Badayos (1999;180) Ang pagsusulit ay isa lamang paraan upang makatiyak kung mayroong pagkatutong nagaganap. Nagagawa rin ng pagsusulit na masukat ang masteri ng mga mag-aaral sa nga lawak ng wika na nililintang ng pagsusulit na mapili ang mga importanteng aspekto ng mga kasanayang makro na nililintang sa pagtuturo ng wika, karaniwang din ginagamit ang mga pagsusulit sa pagtiyak kung anong mahahalagang paksa ang dapat ituro.

Sa ganitong kalagayan, malinaw na nakikitang naiimpluwensihan ng pagsusulit kung ano ang dapat ituro. Ito ang tinatawag na backwash effect ng pagsusulit. Kung tatanawin ito sa punto de vista ng teorya, maganda sana, ngunit hindi tayo dapat na laging umasa sa resulta ng pagsusulit bilang pagtiyak kung anong mga paksa ang dapat ituro.

Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay nagpapakita ng batayang konseptwal ng pag-aaral. Sa paanan nito ay ipinakikita ang mga estudyante sa ikaapat na taon bilang tagasagot sa pag-aaral mula sa Pambansang Paaralan ng Samar na nagsilbing kaligiran ng pananaliksik. Ang mga varyets na nasa loob ng kanang kahon sa itaas ay nagtataglay ng gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang edukasyon at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang. Ang mga ito ay pinag-uugnay sa kaliwang kahong paitaas na mayroong kompetensi sa Filipino sa mga pagsusulit ng Regional Mock NAT at ang National Achievement Test (NAT).

Ang mga nabanggit dito ay nagkaroon ng resulta at implikasyon tungo sa interbensyong programa at magkaroon ng mekanismong feedback sa mga estudyante ng




Figura 1 Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

ikaapat na taon ng Pambansang Paaralan ng Samar. Inaasahang kinahihinatnan ay ang pangkalahatang tunguhin: ang makamit ang mataas na performans sa Filipino na ipinakikita sa pinakamataas na dulo ng kahon.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral sa mga kompetensong di-lubusang natututuhan sa Filipino ng mga estudyante sa ikaapat na taon ng Pambansang paaralan ng Samar ay makatutulong sa mga sumusunod: estudyante, magulang, guro, administrador ng mga paaralan, tagamasid/tagapag-ugnay/tserman sa Filipino at sa hinaharap na mga mananaliksik.

Sa mga estudyante. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay makatutulong sa mga estudyante na mapabuti ang performans nila sa Filipino di-lamang sa nabanggit na pagsusulit kundi para sa kahusayang pangwika. Hinahangad din dito na matamo ang kakayahang pangkomonikatibo ng bawat estudyante.

Sa mga magulang. Ang mga magulang ng mga estudyante ay magkakaroon ng pagkakataon na malaman kung natututo ang mga ito sa kanilang aralin sa paaralan. Bukod pa, makapagbibigay ito ng inspirasyon para maigapang ang kanilang pag-aaral sa kasunod na level ng edukasyon, ang kolehiyong pag-aaral.

Sa mga guro. Ang resulta ng pag-aaral ay makapagbibigay babala sa mga guro sa kanilang aktwal na performans ng pagtuturo sa kanilang klasrum at makapaghahanap ng iba-ibang estratehiyang nauugnay sa pagpapataas ng performans level ng mga estudyante sa ikaapat na taon ng haiskul. Bukod pa, madadagdagan din ang kanilang kaalaman sa nilalaman ng sabjek batay sa binagong kurikulum.

Sa administrador ng mga paaralan. Ang resulta ng pag-aaral ay makapagbibigay daan sa mga tagapamahala ng mga paaralan, puno ng departamento o tserman na makapagdesinyo ng iba-ibang programa/panukala o mga gawaing nauugnay sa pagpapataas ng kalidad sa pagtuturo't pagkatuto ng mga kinauukulan. Sa ganitong paraan, mapapataas ang kalidad ng performans ng kani-kanilang mga estudyante.

Sa mga tagamasid tagapag-ugnay at tserman ng Filipino. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay makatutulong sa mga supervisor, tagapag-ugnay, tserman sa pagpapalano at pagsasakatuparan ng mga kasiya-siyang gawain at mga palisiya, sa pagbibigay ng konsiderasyon sa mga natamo sa pagsusulit pambansa/panrehiyon, divisyon at sa klasrum. Bukod pa nito, masusuri nila ang bawat kompetensi upang

paglaanan ng mga angkop na estratehiya at kagamitang pampagtuturo.

Sa hinaharap na mga mananaliksik. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay makapaglalaan sa mga hinaharap na mananaliksik ng mga batayang datos at nauugnay na pag-aaral o anumang investigasyong isinasagawa.

Saklaw at Delimitasyon

Ang fokus ng pag-aaral na ito ay ang mga kompetensing di-lubusang natutuhan sa Filipino sa ikaapat na taon sa National Achievement Test (NAT) sa Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Samar.

Ang kabuuang bilang na 824 ay nababahagi sa 453 ang mga lalake at 368 ang mga babae at 3 di-tiyak ang kasarian. Ang dilimitasyon ng pag-aaral ay nakatuon sa mga kompetensing di-lubusang natutuhan sa naturang pagsusulit.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa taong panuruan 2005-2006.

Katuturan ng mga Talakay

Upang maunawaan ang mga katawagan at akronim sa pag-aaral na ito; pinagaan ang mga ito sa pamamagitan ng definisyong konseptwal at operasyunal.

Analisis. Ang terminong ito ay tumutukoy sa pagsusuri ng isang komponent ng kabuuan ayon sa mga bahagi nito. Ayon kay Bloom, (1962:165) ang analisis ay pang-apat na level ng kognisyon sa anim na uri. Sa pag-aaral na ito, ang analisis ay natutungkol sa pagkilala o pagtukoy sa mga kompetensing di-lubusang natutuhan ayon sa panuntunan ng 2002 Basic Education Curriculum (BEC) sa larangang Filipino sa antas sekondari.

BEC. Tumutukoy ito sa 2002 Basic Education Curriculum. Ang kurikulum na ito ay kasalukuyang nasa ikaapat na taon ng implementasyon sa mga paaralang elementarya at sekondarya pampubliko.

Filipino. Ang pambansang Wika ng Pilipinas na kasalukuyang nililintang, pinayayaman, pinayayabong ayon sa 1987 Saligang Batas. Sa pag-aaral na ito; tumutukoy sa subjek na isa sa limang batayang asignaturang isinasama sa National Achievement Test (NAT).

Kompetensi. Tumutukoy ito sa mga talaan ng mga kasanayan na dapat malinang sa bawat grado o alinmang antas. Maaaring tumutukoy din ito sa mga inaasahang bunga pagkatapos ng isang takdang panahon ng pagtuturo. Sa pag-aaral na ito ay di-lubusang kasanayan na natutuhan sa Filipino ng mga estudyante sa ikaapat na taon ng haiskul.

MPS. Ito'y akronim ng Mean Percentage Scores bilang panukat sa tamtamang natatamo ng isang grupong kumukuha ng pagsusulit.

Markahang pagsusulit. Tumutukoy ito sa apat na markahan sa loob ng isang taon panuruan. Peryodikal test din ang tawag nito at ang bawat markahan ay binubuo ng dalawampung linggo panahon.

Mock NAT. Ito'y tumutukoy sa isang pagsusulit na inilunsad ng rehiyon sa mga subjek na nasasaklawan ng National Achievement Test. Ang test na ito ay ipinangasiwa sa mga mag-aaral ng nasa ikaanim na baitang ng elementarya at ikaapat na taon ng sekondarya. Ang test na ito ay magkahawig na pagsusulit sa NAT ayon sa format, nilalaman at mga kompetensing nasasaklawan.

NAT. Ito'y isang akronim ng National Achievement Test. Isang pagsusulit pambansa na ibinibigay ng Departamento ng Edukasyon sa alinmang baitang o antas ng taon bilang pagtataya sa pagtatamong antas ng mga mag-aaral o estudyante. Sa pag-aaral na ito ang NAT ay tumutukoy sa nasa ikaapat na taon ng haiskul.

Performans. Ito'y tumutukoy sa pang-akademikong pagsasagawa ng isang tao. Sa pag-aaral na ito, ang natamong iskor sa mga pagsusulit ng mock NAT at NAT.

Saloobin. Isa sa mga aligin o varyets na likas sa tao Atkinson (1962:174). Ang terminong ito ay tumutukoy rin sa atityud ng mga estudyante tungo sa Filipino bilang asignaturang kanilang kinukukuha sa kurikulum ng taon ng kanilang pag-aaral.

Sanligang edukasyon. Ang terminong ito ay tumutukoy sa pinag-aralang natamo ng isang tao. Dito sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa grado o antas na natamo ng mga magulang, ama't ina ng mga estudyanteng tagasagot.

Sosyo-ekonomikong istatus. Tumutukoy ito sa katayuan o sitwasyon ng isang tao. Ito'y nasusukat sa pamamagitan ng buwanang kita tulad ng sahod at iba pang pinagkakakitaan na maaaring idiklara sa taunang Income Tax Return. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot ng pambansang paaralan ng Samar.

Kabanata 2

REVVU NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL

Inilalahad sa kabanatang ito, ang iba-ibang literatura at pag-aaral na isinagawa sa Pilipinas at sa ibang bansa. Kasama rin dito ang mga dokumento o mga kasulatang nauugnay sa naturang pag-aaral. Ang mga ito ay nagsisilbing gabay at nakapagpatibay sa kasalukuyang pag-aaral.

Kaugnay na mga Literatura

Isang sikolohistang Pranses na sina Alfred Binet at mga kawaksing V. Henri at Theodore Simon ay nabigyan ng kredito sa pagdedesinyo ng pagsusulit pangkatalinuhang ginagamit natin ngayon. Sa katunayan, si Binet ay tinaguriang, "The shining light and genius" para sa kanyang mahalagang naiambag para sa paglinang ng modernong sikolohikal na pamaraan ng pagsusulit.

Sa Inglatierra, ang mga sayentipiko ay nagdesinyo rin ng iba-ibang pagsusulit para matiyak ang individwal na pagkakaiba-iba at bansang nabanggit ang siyang kauna-unahang nagadopt ng istandard na iskor sa korelasyon. Kaalinsabay, sa Estados Unidos, si James Mckean Catell na nag-aral sa ilalim ni German Wundt ay gumawa rin nag-

devise ng serye ng pagsusulit at ipinangasiwa niya sa Columbia University. Bagama't ang pagsusulit ay sumusukat lamang sa katangian o kakayahan; ang mga ito ay simple, objektibo at madaling pangasiwaan at nagpakita rin ng mababang kaugnayan sa katalinuhan ng mga estudyante o pagtatamo sa paaralan na nasusukat sa marka.

Ang pagsusulit ni Binet ay idinaan sa masidhing pananaliksik at eksperimentasyon noong 1950. Nagpalathala siya ng unang iskala ng katalinuhang nakatuon sa pagsukat ng mga subnormal na kabataan sa Paris.

Sa Pilipinas naman, inorganisa noong 1924 ang Measurement and Evaluation Division ng Kawanihan ng Publikong Paaralan na ang gawain ay makapagsagawa ng edukasyunal na pagsusulit at pagtataya sa Pilipinas, (Gregorio, 1966). Ito'y ipinagpatuloy ng Research and Evaluation ng parehong ahensiya na bumuo ng achievement tests, standardized at non-standardized test para sa isang partikular na grado o level ng taon.

Mayroon mga paaralan, kolehiyo at pamantasan sa Pilipinas na nagsasagawa ng kani-kanilang admission test. Ang Pamantasan ng Pilipinas ay mayroon silang tinatawag na University of the Philippines College Admission Test (UPCAT). Ang ibang pribadong institusyon ay may tinatawag

na centralized testing program ng Fund for Assistance for Private Education (FAPE) tulad ng College Scholastic Aptitude Test (CSAT) para sa mga estudyanteng magtatapos sa ikaapat na taon ng haiskul; ang Philippine Aptitude Classification Test (PACT) sa ika-3 taon ng haiskul at Diagnostic Test (DT) sa mga subjek ng English III, Geometry, Araling Panlipunan at Chemistry.

Sa Pilipinas ang mga paaralang publiko at pribado ay nagbigay din ng tinatawag na Validating Test sa mga estudyanteng magtatapos ng haiskul, sa katapusan ng taon, sa tatlong magkasunod-sunod na taong 1960, 1961 at 1962. Lahat ng mga subjek na kinukuha ng mga estudyante sa ikaapat na taon ay isinama sa pagsusulit; Literature, Komposisyon, Kasaysayan Filipino, Kastila at maging Sariling Pili. Ang resulta ng pagsusulit ay nagpakita ng istandard ng paaralan sa pamamagitan ng mga Mean Scores at lumabas din na mga pribadong institusyon ay nanguna sa lahat.

Sa taong 1973, ibinigay ang kauna-unahang National College Entrance Examination (NCEE) ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura alinsunod sa Pampangulong Antas Blg. 146 na nagtatadhana ng lahat ng mga haiskul gradwet ay dapat makakuha ng NCEE at makapasa para sila matanggap sa

mga kursong pangkolehiyo na may apat na taon. Nagkaroon ng matagal-tagal na implementasyon ang naturang pagsusulit hangga't inabolish ito ng Kongreso noong taon 1994.

Pagkatapos ng mga ilang taon, ang DECS ay nagbigay din ng tinatawag na National Scholastic Achievement Test (NSAT) sa mga estudyante sa ikaapat na taon ng haiskul sa pribado at publikong paaralan. Hindi lahat ng mga asignatura ay isinama kaya hindi ito nakapagtukoy sa kagalingan ng mga estudyante. Ang mga subjek na English, Matematika, Agham at Araling panlipunan ang saklaw ng pagsusulit. Sa mga kasunod na taon 2000 nagkaroon din ng ilang pagbabago sa program ng pagsusulit. Naibibigay din ang National Achievement Test (NAT) hindi lamang sa mga estudyanteng magtatapos ng haiskul kundi pati rin sa mga mag-aaral ng elementarya. Ngunit ang lawak ng pagsusulit ay nakatuon pa rin sa English, Science at Matematika at ang Filipino ay hindi pa rin naisama (Regional Memorandum No. 187 s. 2003).

Halos mga dalawang taon pa lamang na ang subjek na Filipino ay isinama sa NAT. Bagama't ang subjek na ito ay maaaring tawagin sariling atin; nakapagtataka na ang performans sa pamamagitan ng MPS ay nahuhuli sa limang batayang subjek ng batayang kurikulum sa edukasyon.

Ang isang artikulong napalathala sa Philippine Star noong Agosto 19, 2006 ay nagpapabatid na ibabalik ang dating entrans eksaminasyon sa kolehiyo tulad ng NCEE na itinigil. Ang pagsusulit na ito ayon kay (Lapus, 2006) ay may pagkakakawig sa National Achievement Test kung masteri sa mga subjek ang pag-uusapan. Sabi pa niya sa English, "as a national policy we should know what is demanded in the market that should be encouraged in college so we are thinking of, for example, reducing for math, science and English subjects and probably giving scholarships."

Ang programang ipinatutupad ng bagong kalihim ng DepEd ay alinsunod sa Republikang Utos Blg. 8525 na isang hamong hinanarap ngayon ng sistemang edukasyon. Puna pa niya, na ang paghahatid ng may kalidad na edukasyon ay nakasagabal pa rin ang ponding nakalaan dahilan sa di pagkatugma nito sa taunang paglaki ng populasyon ng mga estudyante.

Kaugnay na mga Pag-aaral

Ang sumusunod ay ang mga pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral.

Si Vallarente (1994) ay nagsasagawa ng isang pananaliksik tungkol sa mga prediktors sa kanilang performans sa Matematika sa ikalawang taon ng haiskul sa

Sangay ng Lungsod ng Tacloban. Napag-alaman dito na mayroon apat na salik na mahahalagang prediktors tulad ng performans sa matematika sa ikalawang taon ng haiskul sa Sangay ng Lungsod ng Tacloban. Napag-alaman dito na mayroon apat na salik na mahahalagang prediktors tulad ng performans ng mga kaklase sa Matematika II, saloobin ng mga estudyante tungo sa Matematika, grado sa matematika I at edukasyong natamo ng kanilang mga magulang. Subalit, natuklasan sa apat na nabanggit na salik ang pangunahing prediktors ay ang performans ng mga kaklase sa Matematika II. Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa kasalakuyang pag-aaral dahil sa ang Filipino tulad ng Matematika ay isa sa mga batayang subjek na nasasaklawan sa National Achievement Test. Datapwat ang nabanggit na pag-aaral ay nakatuon sa ikalawang taon, ang kasalukuyang pag-aaral ay sa ikaapat na taon. Ang pagkakapareho ng dalawang pag-aaral ay kapwa nasa nasyunal na level ang kategorya na nagbibigay ng asesment sa malawakang aspeto.

Isa sa mga pag-aaral tungkol sa "NSAT ay isinagawa ni Palines (1998). Pinamagatang, NSAT Performance of Students in Private Schools; An Assesment". Napag-alaman sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga konklusyon: ang akademikong performans at NSAT ay mababa sa mga paaralang

pribado ng Samar; sa paghahambing ng akademikong performans sa Filipino at NSAT na resulta lumabas na ang instruksyon ay may relevans ayon sa mga kompetensing itinuro sa pag-aaral ang mga subjek na Matematika, Agham at Teknolohiya, English at Filipino at sila'y may saloobing sumasang-ayon sa apat na subjek.

Ang nasuring pag-aaral ni Palines ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral: sa mga batayang subjek sa ikaapat na taon, ang batayang pagsusulit sa pambansang level at ang Filipino na subjek bilang level ng kasalukuyang pag-aaral dahil sa ang nabanggit na pag-aaral ay nakatuon sa mga pribadong mga paaralan ng Samar. Samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay ang mga kompetensing di-lubusang natutuhan ng mga kalahok at ang pagkakaugnay nito sa National Achievement Test (NAT).

Si Gerente (1998) ay nagsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa pagbasang tahimik sa mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng mga purok ng Catbalogan. Gumamit siya ng pagsusulit bilang instrumento sa paglikom ng mga datos. Natuklasan sa kanyang pag-aaral ang sumusunod; ang katayuan sa buhay o sosyo-ekonomikong istatus ng mga mag-aaral ay di dapat gawing basehan o batayan sa pagbibigay ng marka ng mga mag-aaral. Ang negatibong saloobin sa

pagbasa ay nakapagbigay ng kahirapan upang maiangat ang kakayahan sa pagbasang tahimik.

Ang pag-aaral ni Gerente ay may pagkahawig sa kasulukuyang pag-aaral. Itong pag-aaral ay isang analisis ng pagbasang tahimik na nasa larangang Filipino. Gumamit din ito ng pagsusulit upang matuklasan ang kakayahan sa pagbasang tahimik. Ang mga varyets na binigyang empasis ay magkahawig din. Ang pagkakaiba lamang ng dalawang pag-aaral ay ang una ay binigyan ng pagsusulit sa isang lokal o ginawang pagsusulit ng guro samantala ang huli ay isang pambansang pagsusulit ang ibinigay. Nakatuon ang una sa mga mag-aaral sa primarya samantala ang kasalukuyan ay sa mga estudyante ng ikaapat na taon ng isang paaralan. Bukod pa, ang pagsusuri ng mga datos, sa unang pag-aaral ay mean percentage score lamang ang pinagbasehan samantala ang kasalukuyan ay ang mga kompetensing di-lubusang natutuhan ng mga piniling kalahok.

Si Teraza (1997) ay nasagawa rin ng pag-aaral tungkol sa influwensiya ng instruksyunal kompetensi sa pagtatamong pagsusulit sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na kumuha ng National Achievement Test. Nagkaroon ng konklusyon ng pag-aaral ang sumusunod: Sa tatlong lawak ng instruksyunal kompetensi na ikinonsider sa pag-aaral;

ang performans ng pagtuturo ay may pinakamalaking influensiya sa performans ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na kumuha ng NEAT.

Ang nabanggit na pag-aaral ay maipaghahambing sa kasalukuyang pag-aaral ang kanilang pagkakahawig: kapwa pambansang pagsusulit ay ginamit bilang pangunahing instrumento sa paglikom ng datos. Ang kaligiran ng pananaliksik ay dito sa rehiyong walo. Nagkakaiba lamang ang dalawang ito sa sumusunod: level ng mag-aaral na kumuha ng pagsusulit, saklaw ng subjek na binigyan ng pagsusulit at ang paglalapat ng estadistikang ginamit sa interpretasyon ng mga datos at sa una ay isang asesment samantala ang kasalukuyan ay isang analisis.

Si Cabrales (2000) ay nagsagawa rin ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Correlates of Attitudes Toward Selected Filipino Values of Fourth Year High School Students in the First District of Leyte: Implications for Curriculum Enrichment in Values Education."

Ang mga mahahalagang resulta sa kanyang pag-aaral ay nagpakita na ang mga tagasagot ay may mataas-taas na favorableng saloobin tungo sa mga piling halaga maliban lamang sa valyu ng patriyotismo/nasyunal prayd na nagpakita lamang ng favorableng saloobin. Ang mga

saloobin tungo sa patriyotismo/nasyunal prayd at hustisya/karaniwang kabutihan ay nauugnay sa kasarian ngunit ang saloobin tungo sa integridad, disiplina at ispiritwal valyus ay hindi ito nauugnay. Ang mga saloobin sa iba pang valyus ay nauugnay sa sariling konsepto maliban lamang sa hustisya/karaniwang kabutihan.

Dagdag pa, ang mga saloobin tungo sa patriyotismo/nasyunal prayd; hustisya karaniwang kabutihan at ispiritwal valyus ay nakaapekto sa kasarian. Ang mga saloobing ito tungo sa mga ibang valyus ay nag iiba-iba ayon sa persepsyon ng mga tagasagot. Sa huli ay napag-alaman o nabigyang konklusyon na ang mga valyus ay hindi bumaba ang halaga kundi mataas din ang kani-kanilang pananaw tungkol dito.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa mga konsiderasyong ito: na ang mga tagasagot ay mga estudyante sa ikaapat na taon, at saloobin bilang pangunang varyabol sa naturang pag-aaral. Nagkakaiba lamang ang dalawa dahilan sa ang una ay nakafokus sa agham panlipunan samantala ang kasalukuyan ay sa larangang Filipino. Ang paraan ng pag-aaral; sa una, isang pagsisiyasat ng paglalarawan ng sitwasyon samantala

ang kasalukuyan ay analisis ng mga kompetensi batay sa pambansang pagsusulit na isinagawa.

Si Villamor (2001) ay nagsasagawa rin ng isang pag-aaral sa mga estudyanteng seniors ng Edukasyong Pisikal, Kalusugan at Musika, pinamagatang "Correlates of Performance of High School Seniors in Physical Education, Health and Music (PHEM).

Batay sa resulta ng pag-aaral ni Villamor; natuklasan ang sumusunod: ang edad ng mga estudyante ay di-gaano makaapekto sa performans ng mga kalahok. Ngunit ang kasarian ng mga estudyante ay may kinalaman sa performans nila sa subjek na PHEM. Sa pag-uugnay ng performans at sosyo-ekonomikong istatus ng mga estudyante, natuklasan din na walang kinalaman tungkol sa kita ng mga magulang sa performans ng kani-kanilang mga estudyante sa subjek na PHEM. May pagkakahawig ang dalawang pag-aaral sa punto ng mga tagasagot na mga estudyante na ikaapat na taon at kaligiran ng pananaliksik na kapwa isinagawa sa Pambansang Paaralan ng Samar.

Nagkaiba lamang dahilan sa mga ito: larangan o subjek na pinagtutuunan, PHEM sa una at Filipino ang sa huli. May mga kasamang gurong-tagasagot ang una at pangalawang pag-aaral ay mga estudyante lamang at ang

instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos ay talatanungan, interbyu at observasyon samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay dokumentari analisis at pagsusulit sa malawakang pambansa.

Sa pag-aaral ni Hermo (2001) na pinamagatang, "The Status of Mathematics Instruction in the Five Secondary Schools of Villareal, Samar; napag-alaman na ang mga administrador ng mga paaralan at mga guro ay may kakayahan at kompetensi sa pamamahala at pagtuturo ng Matematika sa kani-kanilang mga estudyante.

Batay sa resulta ng pag-aaral naging kasiya-siya ang paglalahad at paglinang ng mga aralin sa asignaturang nabanggit. Ang mga peryodik na iskor sa unang tatlong markahan ay pinagsama at may masteri level na 80.58 na mas mataas taas pa kaysa antas ng kahusayan (proficiency level) na 75 na bahagdan. Sa mga behebyor na indikaytor na naoobserbahan sa pagbisita sa klasrum; nangangailangan pa ring mapabuti ang kompetensi sa pagtuturo ng mga guro sa Matematika.

Ang kaugnayan ng pananaliksik na ito sa kasalukuyan ay kapwa mga subjek sa sekondarya at ang binibigyan tuon ng pag-aaral. Bukod pa, mayron din pagtataya sa performans ng mga estudyante ayon sa nakuhang markahan mula una

hanggang pangatlo. Ang matematika at Filipino ay mga subjek din na pangkasanayan (skill subjects) at tinuturuan ang mga estudyante ng mga gawain para malinang ang kasanayan tungo sa kahusayang antas. Nagkakaiba lamang and dalawang pag-aaral sa mga tagasagot dahilan sa ang una ay mga administrador ng paaralan at guro samantala ang kasalukuyan ay mga estudyante lamang. Ang matematika ay pinag-aaralan ang mga numero at kaugnayan nito kasama ang iba-ibang operasyon. Samantala ang Filipino naman ay mga titik o teksto ang tuon na dapat magkaroon ng kumprehensyon para ilapat sa iba-ibang sitwasyon.

Isang pag-aaral ang isinagawa rin ni Nayangga (2000) tungkol sa mga prediktors sa mga natamo sa Matematika sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ang masyadong mababa at di masyadong nakatutugon sa pangangailangan ng kinauukulan; sa kanilang mga markang natamo sa Matematika ay mababa rin batay sa kanilang marka sa pangatlong markahan; sa edukasyunal na sanligan ng mga magulang ay mababa rin kaya hindi sila maasahang makakuha ng disentang trabaho dahilan sa kakulangan ng edukasyon; sa saloobin, favorable naman sila sa Matematika at ang performans nila sa Division Achievement Test ay mababa rin ayon sa Mean Percentage Score na ipinalabas na resulta ng sangay. Kaya

dahilan sa mga nabanggit na resulta ang mga ito ang naging basehan para sa paggawa ng interbensiyong programa sa lawak ng Matematika.

Ang nabanggit na pag-aaral ni Nayangga ay may kaugnayan sa kasalukuyang isinasagawang pag-aaral sa mga konsiderasyong ito; ang mga prediktors ay may pagkahawig sa mga varyets ng pag-aaral na ito. Ang fokus ng pag-aaral ay kapwa mga pangkasanayang asignatura. Analisis din ang paraan sa pagpapakahulugan ng mga datos.

Nagkakaiba ang dawalang pag-aaral sa mga kalahok; ang una ay sa level elementarya at ang kasalukuyan ay sa level sekondarya. Ang fokus ng unang pag-aaral ay marka ng peryodik na evalwasyon at pagsusulit na pansangay samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay kompetensi at performans ng National Achievement test sa mga antas elementarya at sekondarya ayon sa pagkasunod-sunod.

Si Magpayo (2000) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Proposed Remedial Measures in English for Grade VI Pupils," ng Hilangang Samar. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay ang sumusunod: nasa tamang edad ang mga kasangkot, karamihan sa mga ito ay mga babae, ang subjek na English ay di gaanong nabigyan halaga ang performans sa English ay 77.3 hanggang 86.1 persentahe, karamihan ay

nahihirapan nang masyado sa naturang sabjek, ang sosyo-ekonomik istatus ay mababa at ang saloobin nila sa sabjek na English ay nakaapekto sa kani-kanilang performans.

Ang pag-aaral ni Magpayo ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa mga aspetong ito: ang mga varyets na ginamit at ang uri ng pagkatutong lawak bilang mga sabjek na pangkasanayan. Nagkakaiba lamang ang dalawa dahil sa mga kalahok; nasa level elementarya ang kay Magpayo samantala ang pag-aaral na ito ay sa level sekundarya; bukod pa ang kaligiran ng pananaliksik sa una ay sa Hilagang Samar samantala itong pag-aaral ay nasa gawing Kanlurang Samar. Sa paraan ng pag-aaral ay naiiba dahil ang una ay isang deskriptiv-developmental samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay diskriptiv-analitikal na pag-aaral.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Montero (2002) na pinamagatang, "The Academic Performance of Multi-grade Classes: An Assessment" ay nagkaroon ng sumusunod na kinalabasan. Ang mga ito ay ang sumusunod: Batay sa mga mean scores at MPS, tatlong gradong klase ay may mas magaling na performans sa dalawang gradong klase. Ang mga gurong humahawak ng tatlong gradong klase ay nagpakita ng kahusayan sa pagtuturo kaysa sa mga kombinasyong klase na

tig-dadalawang grado lamang; ang matataas na mean scores ng mga klase sa ikaanim na baitang ay di-maitutulad sa iba pang level ng grado dahil sa bilang ng mga aytems na naibibigay sa baitang I at II; baitang III at IV at baitang V at VI; sa kapwa level ng pagsusulit: division at distrito, ang Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean score; sinundan ito ng HEKASI at ang English ay ang pinakamababa na sinundan ng Mathematics na itinuturo sa Wikang English. Mailalahad dito na ang mga mag-aaral sa mga klaseng multi-grade ay mas madali sa kanila ang mga subjek na itinuturo sa Filipino kaysa mga subjek na itinuturo sa English.

Ang nabanggit na pag-aaral ni Montero ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral sa dahil sa ito'y nakafokus sa pagtataya at performans ng mga mag-aaral. Subalit ang pagkakaiba ng dalawang pag-aaral ay ang sumusunod na aspekto: ang una ay level elementari at ang huli ay level sekundarya; maraming subjek ang sinaklawan sa una samantala naman dito ay iisa lamang, Filipino, at mga klaseng multi-grade ang una samantala ang kasalukuyan ay isang level ng ikaapat na taon ng haiskul. Ang ginamit na pagsusulit ay lokal na pandivisyon at pandistrito sa

una at ang kasalukuyang pag-aaral ay pambansang pagsusulit na ipinokus lamang sa sabjek na Filipino.

Ang pag-aaral ni Mendoza (2004) ay tungkol sa mga talasalitaang pampaningin ng mga mag-aaral sa ikalimang baitang ng mga purok ng Catbalogan. Napag-alaman sa kanyang pag-aaral ang sumusunod na kinalabasan: ang mga mag-aaral ay nasa edad ng kanilang baitang; mas maraming mag-aaral na babae kaysa sa mga lalake; higit na maraming talasalitaan pampaningin ang mas nalalaman ng mga mag-aaral na may edad na 12. Nabanggit pa na ang edad, kasarian at kinaroroonan ng paaralan ay naging salik ng pag-unawa ng mga talasalitaan pampaningin.

Ang pag-aaral na nabanggit ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa kapwa naka fokus sa larangang Filipino. Ang sabjek ng pag-aaral ay hinggil sa isa sa mga makrong kasanayan sa pagbasa na kompetensi sa Filipino. Nagkakaiba lamang sa ilang aspeto: mga mag-aaral sa mababang paaralan ang kasangkot ng pag-aaral sa una samantala ang kasalukuyan ay nasa mataas-taas na level ng sekondarya. Ang instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos sa una ay lokal at ginawang pagsusulit ng mananaliksik samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay

nasyunal na pagsusulit na istandard at ginawa ng mga eksperto sa kawanihang sekundarya.

Sa mga nabanggit at sinuring pag-aaral ng mananaliksik; ang mga ito ay nakapagbigay nang matibay na takaran sa kasalukuyang pag-aaral at lunsaran para sa pagsasagawa ng isang tuwirang pag-aaral.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng paglalarawan at talakayan ng desinyo ng pananaliksik, instrumentasyon, validasyon ng instrumento, paraang sampling, paglilikom ng mga datos at paglalapat istadistika ng mga datos sa pag-aaral.

Desinyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptiv analitikal na pananaliksik na ang paraang isinagawa ay pagsusuri ng mga dokumento at talatanungan bilang pangunahing instrumento sa paglikom ng mga datos.

Natukoy ng mananaliksik ang level ng performans na natamo ng mga estudyante sa rehiyunal mock NAT at NAT kasama na rin ang mga kompetensang di-lubusang natutuhan sa Filipino ng mga estudyanteng kalahok. Dagdag pa, para sa pagtutuos ng mga nalikom na datos at sa pagsubok sa mga ipotesis ginamit ang mga istadistikang ito: weighted means, frequency counts, Standard Deviation (SD) Pearson r, t-test para sa independent samples at Fisher's t-test.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nakapagbigay ng mahalagang implikasyon para sa pagsasagawa ng isang interbensiyong programa.

Instrumentasyon

Ginamit sa pag-aaral na ito ang naaangkop na mga instrumento sa paglikom ng mga datos upang matugunan ang mga tiyak ng katanungan sa pag-aaral. Ito ay ang sumusunod: pagsusuri ng mga dokumento at talatanungan.

Pagsusuri ng dokumento. Ang instrumentong ito ay ginamit para sa paglikom ng mga datos na nakuha sa mga forma tulad ng BPS Form 137-E, grading sheet, at sa mga resulta sa pagsusulit ng mga paaralan, pansangay, panrehiyon at maging sa pambansang level. Sumangguni rin ang mananaliksik sa mga memorandum na ipinalabas ng Kagawaran ng Edukasyon.

Talatanungan. Ang talatanungan ay inihanda ng mananaliksik sa pamamatinubay ng kanyang tagapayo upang mabigyan tugon ang mga tiyak na katanungan. Mayroong dalawang bahagi ng talatanungan: Unang bahagi ay tungkol sa mga datos personal ng mga estudyanteng tagasagot. Tumutukoy ito sa mga mahahalagang imformasyon tulad ng gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang edukasyon at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang.

Ang ikalawang bahagi ay tungkol sa suliranin ng pag-aaral. Tumutukoy ito sa saloobin sa Filipino na binubuo ng sampung aytems at samut-saring pagbibigay puna sa National Achievement Test at Mock NAT.

Validasyon ng Instrumento

Sa nabanggit na mga instrumento ng pangangalap ng mga datos, ang talatanungan lamang ang idinaan sa validasyon. Isinagawa ito upang matiyak ang katatagan nito. Ang Mataas na Pambansang Paaralan ng Silanga ay nagsilbing sentro ng try-out at sinubok ang 50 estudyanteng nasa ikaapat na taon. Isinagawa ito sa ikalawang linggo ng Marso 2006.

Pagkatapos ng try-out ng mga talatanungan, ang mga ito ay sinuri isa-isa at pagkatapos ay iniharap ng mananaliksik sa kanyang tagapayo upang mabigyang puna at mga suhestiyon; upang mapabuti ang nilalaman at format nito. Batay sa tagubilin ng tagapayo, ang talatanungan ay nirivisa at ipinalimbag ang kompletong forma para maipamudmod sa mga estudyanteng tagasagot.

Paraang Sampling

Ang pag-aaral na ito ay hindi gumamit ng paraang sampling sa pagpili ng mga tagasagot sa talatanungan. Ang kabuuang enumerasyon o total enumeration ay ginamit kung

saang walong daan dalawampu't apat (824) na mga estudyanteng nasa ikaapat na taon ng Pambansang Paaralan ng Samar ay nagsilbing tagasagot. Sa kabuuang ito; 453 ay mga lalake at 368 ay mga babae at 3 di-tiyak na tumugon sa kasarian.

Paglikom ng mga Datos

Isang sulat kahilingan mula sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga paaralan ang kinuha ng mananaliksik para sa pamamahagi ng talatanungan at sa pangangalap ng mga datos. Isinama na rin dito ang paggamit ng mga resulta sa 2004-2005 Midyear Test sa Filipino at resulta ng eksamen sa tanggapan ng paaralan. Isinagawa ang gawaing ito sa katapusang linggo ng Marso 2006 pagkatapos kumuha ang mga estudyante ng NAT. Sandaang bahagdan (100%) ang tumugon at nagharap ng kanilang talatanungan.

Paglalapad Istadistika ng mga Datos

Ang istadistikang panukat na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang sumusunod: frequency counts, persentahe, weighted means, Standard Diviation, Pearson Product Moment Coefficient of Correlation, Fisher's t-test at t-test for independent samples.

Frequency counts at persentahe. Ang dalas ng bilang o frequency counts at persentahe ay ginamit para sa pagtalakay ng mga datos personal at mga katangiang taglay ng mga estudyanteng tagasagot. Ang dalawang ito ay ginamit din sa paglalahad ng mga profayl sa mga talahanayan.

Weighted mean. Ang tinuos na tamtaman o weighted means ay ginamit sa pagkuha ng mga saloobin ng mga estiduanteng tagasagot. Binigyan ito ng kaululang katumbas para sa pagpapakahulugan ng mga nalikom na datos at ginamit ang patnubay na ito:

<u>Iskala</u>	<u>Lawak</u>	<u>Interpretasyon</u>
5	4.51 - 5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
4	3.51 - 4.50	Sumasang-ayon (S)
3	2.51 - 3.50	Alinlangan o Sumasang-ayon nang Kaunti (ASK)
2	1.51 - 2.50	Di-Sumasang-ayon (DS)
1	1.00 - 1.50	Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS)

Standard deviation. Ginamit ang Standard Deviation (SD) upang matukoy ang dispersyon ng MPS ng dalawang pagsusulit sa Mock NAT at NAT.

Pearson-Product-Moment Coefficient of Correlation.

Upang matukoy ang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at NAT at profayl ng mga estudyanteng tagasagot ang korelasyon ng koefisyent ay ginamit. Ang formula para sa istadistikang ito ay ayon kay Graham (1993:190)

$$r_{xy} = \frac{S_{xy}}{S_x S_y}$$

Saang:

x = tumutukoy sa mga iskor ng estudyante sa Mock
NAT/NAT

y = tumutukoy sa mga kaugnay na varyets ng mga
estudyante tulad ng gulang, kasarian, markang
natamo sa Filipino, sanligang edukasyon ng mga
magulang at sosyo-ekonomikong istatus ng mga
magulang.

S_{xy} = tumutukoy sa mga ko-varyets ng x at y

S_x = tumutukoy sa SD ng x

S_y = tumutukoy sa SD ng y

Fisher's t-test. Upang masubok ang halaga ng nakuhang
korelasyon ginamit ang Fisher's t-test.

Narito ang formula ayon kay Freund at Simon
(1992:468):

$$t = r \sqrt{\frac{n-2}{1 - r^2}}$$

Saang:

r = ang koefisyent ng korelasyon sa pagitan ng x at
y

n = ang bilang ng mga pares na datos.

t-test para sa independent samples.

Ang

istadistikang ito ay ginamit upang ihambing ang MPS ng mga estudyante sa Mock NAT at NAT narito ang formula ni Walpole (1982:306) sa sumusunod:

$$t = r \frac{\bar{X}_1 - \bar{X}_2}{\sqrt{\frac{(n-1) S_1^2 + (n-1) S_2^2}{n_1 + n_2 - 2}}} \left[\begin{matrix} 1 & 1 \\ + \\ n_1 & n_2 \end{matrix} \right]$$

Saang :

$\bar{X}_1$ at $\bar{X}_2$ - ay ang tamtaman sa NAT at Mock NAT.

S_1^2 at S_2^2 - ay ang mga varyans ng mga iskor sa NAaT at Mock NAT

n_1 at n_2 - ay ang bilang ng mga kalahok sa NAT at Mock NAT

Ang mga ipotesis ng pag-aaral ay sinubok sa 0.05 level ng halaga.

Kabanata 4

PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON

NG MGA DATOS

Inilalahad sa kabanatang ito, ang talakayan, analisis at interpretasyon batay sa resulta at kinalabasan ng pag-aaral. Nakatuon dito ang iba-ibang profayl ng mga estudyanteng tagasagot ayon sa gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang edukasyon at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang. Bukod pa, sinuri ang mga saloobin sa subjek na Filipino; pinaghambing na Mean Percentage Score (MPS) ng mga estudyante ng Mock NAT at NAT; MPS ng mga kompetensing di-lubusang natutuhan sa Filipino, mga kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT/NAT sa profayl ng mga estudyanteng tagasagot na kasama na ang pangunahing kinalabasan, implikasyon tungo interbensyong programang itinatagubilin sa pag-aaral na ito.

Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot

Ang mga Talahanayan 1 hanggang 4 ay nagpapakita ng profayl ng mga estudyanteng tagasagot sa ikaapat na taon ng Pambansang Paaralan ng Samar. Nakatuon ito sa gulang,

kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang, edukasyon ng mga magulang at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot.

Gulang. Sa Talahanayan 1 ay ang distribusyon ng gulang ng mga estudyanteng tagasagot 355 o 43.08 persentahe ay nasa 16 na taon gulang; 160 o 19.42 persentahe ay nasa 17 taon gulang at 119 o 14.44 persentahe ay may 15 taon gulang. Nagpapakita ito na ang mga estudyanteng tagasagot ay nasa katamtamang gulang. Mayroon din 81 o 9.83 persentahe, 46 o 5.53 persentahe at 24 o 2.91 persentahe na 18, 19, 20 taon gulang ayon sa pagkasunud-sunod na may gulang na sa naturang antas o level. May iilan naman na mas mataas na ang edad na nasa braket na 20, 21, 22, 23, 24 at 25 na may persentaheng 2.91, 1.70, 0.49, .36 at 2 tig 0.12 ayon sa pagkasunud-sunod. Pinakabatang gulang na natuklasan ay 14 na may bilang na 3 o 0.36 persentahe at nagbigay ng wala na may bilang na 13 o 1.58 na persentahe.

Ang average mean ng gulang ay 16.69 na taon at may standard deviation na 1.49 taon. Ipinahihiwatig ng talahanayan na ang mga estudyanteng tagasagot ay nasa hustong edad ng kanilang pag-aaral at nasa tamang antas ng taon.

Talahanayan 1

Distribusyon ng Gulang at Kasarian ng mga Esdudyanteng Tagasagot

Gulang	Kasarian				Di Tiyak	Kaburuan	Persentahe
	Lalake		Babae				
	f	Percent	f	Percent			
25	-	-	1	0.27	-	1	0.12
24	1	0.22	-	-	-	1	0.12
23	3	0.66	-	-	-	3	0.36
22	4	0.88	-	-	-	4	0.49
21	9	1.99	5	1.36	-	14	1.70
20	17	3.75	7	1.90	-	24	2.91
19	27	5.96	19	5.16	-	46	4.48
18	43	9.49	38	10.33	-	81	9.83
17	76	16.78	84	22.83	-	160	19.42
16	227	50.11	126	34.24	2	355	32.08
15	39	8.61	79	21.47	1	119	14.44
14	2	0.44	1	0.27	-	3	0.36
Di-tiyak	5	1.10	8	2.17	-	13	1.58
Kaburuan	453	100.00	368	100.00	3	824	100.00
Persentahe	54.98	-	44.66	-	0.36	100	-
Mean	17.06	taon	16.42	taon	15.67 taon	16.69	taon
SD	1.70	taon	1.26	taon	0.58 taon	1.49	taon

Kasarian. Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita pa rin ng distribusyon ng kasarian ng mga estudyanteng tagasagot. Mapapansin dito na sa kabuuang bilang na 824 na mga estudyante sa ikaapat na taon; 453 o 54.98 persentahe ay mga lalake; 368 o 44.66 persentahe ay mga babae at mayroon 3 o .36 persentahe ang di-tiyak ang isinaad na kasarian.

Nagpapakita rito na mas marami ang mga lalake kaysa sa mga babae. Ito ay karaniwang larawan sa alinmang grado o antas na mas nakararami ang mga lalake, kaysa sa mga babae. Ang mga klaseng ito ay tinatampukan ng kalalakihan.

Markang natamo sa Filipino. Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng markang natamo sa Filipino ng mga estudyanteng tagasagot sa ikaapat na taon. Ang mga ito ay ibinatay sa panghuling antas ng apat na markahan. Pinakamataas na markang natamo ay nasa braket na 93-95 na mayroon 11 at may 1.33 persentahe. Ang mga ito ay nasa grupong matatalino o talagang nagbibigay interes sa subjek na Filipino. Karamihan naman ay nasa braket ng 78-80 na may bilang na 174 o 21.12 persentahe; sinundan ito ng braket 81-83 na may bilang na 168 o 20.39 persentahe at ang pangatlong braket ay nasa 84-86 na may bilang na 136 o 16.50 persentahe. Pang-apat ay ang braket 87-89 na may bilang na 108 o 13.11 persentahe at panlima ay ang braket na 90-92 na may bilang na 52 o 6.31 persentahe.

Sa pababa naman ang braket na 75-77 ay may bilang na 68 o 8.25 na persentahe at mayroon naman iilan na nasa braket 72-74, 69-71, 66-68, 63-65 na may mga bilang at persentahe na 11 o 1.33, 2 o 0.24, 1 o .12 at 2 o 0.24

Talahanayan 2

Markang Natamo sa Filipino ng Estudyanteng Tagasagot

Marka sa Filipino	F	Persentahe
93 – 95	11	1.33
90 – 92	52	6.31
87 – 89	108	13.11
84 – 86	136	16.50
81 – 83	168	20.39
78 – 80	174	21.12
75 – 77	68	8.25
72 – 74	11	1.33
69 – 71	2	0.24
66 – 68	1	0.12
63 – 65	2	0.24
Di – Tiyak	91	11.04
Kabuuan	824	100.00
Mean		82.78
SD		4.68

ayon sa pagkasunod-sunod. Mayroon naman di-nagbigay ng grado na nasa klasipikasyong di tiyak na may bilang na 91 o 11.04. Ang average mean ng marka ay 82.78 at ang SD ay 4.68. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga estudyanteng tagasagot ay nasa average na level sa pagkatuto ng Filipino. Ang average na marka ay nagpabelin lamang ng katamatamang pangakademikong performans. Lubos ang tiwala sa sarili na madali lamang ang sabjek na ito.

Talahanayan 3

Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Estudyanteng Tagasagot

Sanligang Edukasyon ng mga Magulang	Katigorya ng Magulang			
	Ama		Ina	
MA/MS Gradwet	-	-	1	0.12
May MA/MS yunit	-	-	1	0.12
AB/BS Gradwet	173	21.00	194	23.54
Level/Kolehiyo	144	17.48	141	17.11
Haiskul Gradwet	90	10.92	73	8.86
Sekondari Gradwet	145	17.60	169	20.51
Elementari Gradwet	46	5.58	51	6.19
Level Elementari	143	17.35	103	12.50
Di-Nakapag-aral	6	0.73	7	0.85
Di-Tiyak	77	9.34	84	10.19
Kabuuan	824	100.00	824	100.00

Sanligang edukasyon ng mga magulang. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng sanligang edukasyon ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot. Kapansin-pansin na sa 824 na mga ama 173 o 21.00 persentahe ay gradwado ng AB/BS ng kolehiyo. Sinundan ito ng nakatuntong ng level sekondari na 145 o 17.60 persentahe; level kolehiyo, 144 o 17.48 persentahe; level elementari, 143 o 17.35 persentahe ang mga ito ay nasa pangalawa, pangatlo, pang-apat na mahigpit na magkasunud-sunod. Sa panghuling tatlo ay haiskul gradwet na 90 o 10.92 persentahe, di tiyak na nakapag-aaral, 77 o 9.34 persentahe; elementari gradwet 46

o 5.58 persentahe at mayroon din di-nakapag-aaral 6 o 0.73 persentahe.

Sa pangkat ng mga ina, mayroon din tig-iisa o 0.12 na gradwet ng MA/MS at may mga yunits sa MA/MS. Ayon sa pinakamarami, nanguna rito ang gradwet ng AB/BS na may 194 o 23.54 persentahe; sumunod ay level sekondari na may 169 o 20.51 persentahe; sinundan ito ng level kolehiyo, 141 o 17.11 persentahe at level elementari, 103 o 12.50 persentahe. Kapansin pansin din sa panghuling apat ng mga unang kategorya; mayroon 84 o 10.19 persentahe ang nagsaad ng di-tiyak na level ng kanilang edukasyong natamo; sumunod dito ang haiskul gradwet na may 73 o 8.86 persentahe at di naman ikinubli at inihayag na di-nakapag-aral ang 7 o 0.85 persentahe.

Kawili-wiling nabatid na kung susuriing malalim ang edukasyong natamo ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot sila'y mga haiskul gradwet o level kolehiyo. Maisasaad dito na mga edukado ang mga magulang ng mga estudyanteng nasa ikaapat na taon ng haiskul. Gayunpaman, ang mga magulang na ito ay magsisilbing huwaran ng kanilang mga anak na nagsisipag-aral.

Sosyo-Ekonomikong istatus ng mga magulang.

Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang sosyo-ekonomikong istatus

ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot. Ibinatay ang datos sa buwanang katamtamang kita ng familya ng mga kinauukulan. Batay sa datos na nailahad, 510 o 61.89 persentahe ay may kitang P11,000 pababa bawat buwan. Sumunud dito ay 196 o 23.79 persentahe ang mga nasa braket na P11,001-P15,000; 46 o 5.58 persentahe ay naglahad ng di-tiyak ang kita kung buwanan man; 43 o 5.22 persentahe ay nasa braket ng P15,001-P20,000.00. Kapansin-pansin din na mayroon mga magulang na may buwanang kita na higit pa sa P20,001.00 hanggang P25,000.00 na may 17 o 2.06 persentahe at mayroon din 12 o 1.46 persentahe na pataas pa ang kita sa P25,000.00.

Sa sulyap ng nakasaad na mga datos sa Talahanayan 4, mailalahad dito na ang mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot ay nasa ilalim ng linya ng karukhaan (below poverty line). Kung kaya't di-maaasahang matutugunan ang anumang pangangailangan ng kani-kanilang estudyanteng nagsipag-aral. Gayunpaman, ang kaunting kabiguan nila makamtan lamang ang minimithi sa buhay. Mababa man o mataas ang kita ng mga magulang, ipinagpapatuloy pa rin ang kani-kanilang pag-aaral.

Talahanayan 4

Sosyo-Ekonomikong Istatus Batay sa Buwanang Katamtamang Kita ng mga Magulang

Buwanang Katamtamang Kita ng Familya	f	Persentahe
Pataas 25,000.00	12	1.46
20,001.00 – 25,000.00	17	2.06
15,001.00 – 20,000.00	43	5.22
11,001.00 – 15,000.00	196	23.79
Mababa – 11,000.00	510	61.89
Di-Tiyak	46	5.58
Kabuuan	824	100.00

Saloobin ng mga Estudyanteng Tagasagot

Upang matukoy ang saloobin ng mga estudyante sa sabjek na Filipino; mayroon 10 indikators ang sinagot para sa sariling pagtatasa. Ang resulta nito ay matatagpuan sa Talahanayan 5, Saloobin sa Sabjek na Filipino ng mga Estudyanteng Tagasagot. Ginamit dito ang 5 puntong iskala (5 point scale) na may mga panumbas na nasa ilalim ng talahanayan.

Kapansin-pansin na sa 10 indikators, ang mga estudyanteng tagasagot ay sumang-ayon sa 7 aytems: ang nangunang 3 rito ang, "Nawiwili ako sa mga aralin/liksyon sa Filipino" na may weighted mean na 4.41. Sumunod dito, "Nakatutupad ako sa mga output/proyekto" na may weighted mean na 4.29 at "Nagugustuhan ko ang gurong nagtuturo ng

Talahanayan 5

Saloobin sa Sabjek na Filipino ng mga Estudyanteng Tagasagot

Indikeytors	Mga Sagot					Kabu- uan	Mean	Interpre- tasyon
	5 (LS)	4 (S)	3 (ASK)	2 (DS)	1 (LDS)			
1. Nawiwili ako sa mga aralin/liksyon sa Filipino	424	321	61	8	4	818	4.41	S
2. Nahihirapan ako sa pag-intindi sa iba-ibang paksa sa Filipino.	43	169	305	211	78	806	2.86	ASK
3. Nahihirapan ako sa pagsagot ng pasalita.	55	101	204	302	144	806	2.53	ASK
4. Nagugustuhan ko ang gurong nagtuturo ng liksyon.	398	300	82	29	10	819	4.28	S
5. Mahihirap ang mga aralin na ibinibigay.	47	95	249	297	112	800	2.59	ASK
6. Nakikilahok ako sa iba-ibang gawain.	327	308	118	36	15	804	4.11	S
7. Nakatutupad ako sa mga output/proyekto.	409	261	91	29	10	800	4.29	S
8. Nakapaghaharap ako ng aking mga gawaing bahay o takdang aralin.	305	334	132	25	9	805	4.12	S
9. Nakasusunod ako sa lahat ng mga tagubilin.	251	370	154	22	7	804	4.04	S
10. Umaasa akong mataas o maganda ang grado ko sa sabjek na ito.	320	300	141	40	8	809	4.9	S
Kabuuan	-	-	-	-	-	-	37.32	S
Lahatang Tamtaman	-	-	-	-	-	-	3.73	S

Pinagmulan :

4.51 – 5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
3.51 – 4.50	Sumasang-ayon (S)
2.51 – 3.50	Alinlangan o Sumasang-ayon ng Kaunti (ASK)
1.51 – 2.50	Di-Sumasang-ayon (DS)
1.00 – 1.50	Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

liksyon" na may weighted mean na 4.28. Sinundan naman ito ng, "Nakapaghaharap ako ng aking mga gawaing bahay o takdang aralin," na may weighted mean na 4.12; ang mga ito ang unang apat ayon sa kanyang pagkasunud-sunod. "Ang nakikilahok ako sa iba-ibang Gawain," na may weighted mean na 4.11; "Umaasa akong mataas o maganda ang grado ko sa subjek na ito na may weighted mean na 4.09 at nakasusunod ako sa lahat ng mga tagubilin na may weighted mean na 4.02; itong huling tatlong indkeytors ay sumang-ayon din ang mga estudyanteng tagasagot. Palibhasa mayroon din mga indikkeytors na sinagot ng alinlangan o sumasang-ayon ng kaunti (ASK) ito ay ang sumusunod: "Nahihirapan ako sa pag-iintindi sa iba-ibang paksa sa Filipino" na may weighted mean na 2.86; "Mahihirap ang mga aralin na ibinibigay" na may weighted mean na 2.59 at "Nahihirapan ako sa pagsagot ng pasalita na may weighted mean naman na 2.53. Sa kabuuang pagtataya ng saloobin ng mga estudyanteng tagasagot ito'y may lahatang tamtaman na 3.73 na sumasang-ayon.

Samakatuwid, maisasaad na ang saloobin ng mga estudyanteng tagasagot sa subjek na Filipino ay tamang-tama lamang, di naman higit pa sa pagkagusto o di-man mababa o labis na tinutulan ng mga ito. Pinatutunayan na

ang kanilang pagsang-ayon ay isang palatandaan ng tatak ng pagka-Pilipino dahil sa ang subjek o wikang ito ay nagdadala ng tinatawag na pambansang pagkakakilanlan.

Mean Percentage Score ng mga Estudyante
Sa Mock NAT at NAT

Ang paraan ng pagbibigay ng resulta ng dalawang pagsusulit sa Mock NAT at NAT ay tinutuos ang Mean Percentage Score (MPS) para sa mga paaralan at ipinalalabas ang resulta sa mga sangay. Di-tulad ng mga nakaraang pagsusulit na ibinibigay ang individwal na marka sa mga eksamini. Ang paraang isinagawa ng mananaliksik masusing sinuri ang mga aytems ng pagsusulit para matukoy ang mga kompetensing naisama sa Mock NAT at NAT.

Ang talahanayan 6 ay naglalahad ng MPS ng mga kompetensi sa Mock NAT at NAT, na lubusang di-natutuhan sa Filipino. Base sa resulta, ang MOCK NAT ay may MPS na 26.40 at ang NAT ay 28.60 na may SD na 2.27 at 3.17 ayon sa pagkasunud-sunod nito.

Kapansin-pansin na napakamababa ang nakuhang resulta sa Mock Nat at NAT at nagpapakita ito na nahirapan sila sa dalawang pagsusulit na kanilang nilahukan. Ipinahihiwatig na kailangan pang pasidhiin ang pagtuturo ng mga guro at puspusang pag-aaral ng mga estudyante.

Mga Kompetensong Di-lubusang Natutuhan
sa Mock NAT at NAT at Kabuuang
Tamtamang Iskor

Sumusuporta sa paksang ito ang Talahanayan 6 na naglalahad din ng MPS ng mga estudyanteng tagasagot sa Mock NAT at NAT. Mayroon sampu (10) kompetensong nasuri batay sa mga aytem na naisama sa dalawang pagsusulit. Sa pagbabanggit ng mga ito; uunahin muna ang mga pinakamatindi tungo sa di-gaanong matindi. Ang unang babanggitin ay ang resulta sa Mock NAT, susundan ito ng NAT at kaalinsabay nito ay ang average na natamo sa bawat kompetensi.

Sa pasimula, ang kompetensong "Nasusuri ang akda batay sa mga bahaging nagpapaliwanang," ay 23 at 24 na may average na 23.5 ay nanguna sa sampung kompetensi. Sumunod dito ay "Nasusuri ang akda batay sa istraktura ng banghay ayon sa kasukdulan at di-inaasahang wakas" na may 24 at 25 na may average na 24.5. ang pangatlong kompetensi ay "Nabibigyang puna ang paghahanay ng mga simbolo sa mga tiyak na kabanata/tauhan ng akda" na may 24 at 28 na ang average ay 26.0. Pang-apat, "Nasusuri ang akda batay sa magandang saloobin at damdaming inilalahad ng tauhan na may 26 at 27 at ang average ay 26.5. Dalawang kompetensi ang magkapareho ang average na 27.5" "Nailalahad ang

Talahanayan 6

Mean Percentage Score ng mga Kompetensi sa Mock NAT at NAT

Mga Kompetensi	Mock NAT	NAT	Average
1. Naipagpapakahulugan ang mga talinghaga ng salita.	29.00	34.00	31.5
2. Nakapagpapatunay ng pagkamakatotohanan ng tauhan.	30.00	33.00	31.5
3. Natutukoy ang mga tauhan sa akda batay sa kilos, gawi at pananalita.	27.00	29.00	28.0
4. Nabibigyang puna ang paghahanay ng mga simbolo sa mga tiyak na kabanata/tauhan ng akda	24.00	28.00	26.0
5. Natutukoy ang mga bahaging nagpapahayag ng larawang diwa at nagbibigay aliw sa mambabasa.	27.00	40.00	28.5
6. Nailalahad ang bias ng kaisipan batay sa refleksyon sa pambansang kamalayan at sa lipunan.	28.00	27.00	27.5
7. Naibibigay ang lagom na isinasaad ng may akda.	26.00	29.00	27.5
8. Nasusuri ang akda batay sa mga bahaging nagpapaliwanag.	23.00	24.00	27.5
9. Nasusuri ang akda batay sa istraktura ng banghay ayon sa kasukdulan at di inaasahang wakas..	24.00	25.00	24.5
10. Nasusuri ang akda batay sa magandang saloobin at damdaming inilalahad ng tauhan.	26.00	27.00	26.5
Kabuuan	264.00	286.00	275.0
Mean	26.40	28.60	27.5
SD	2.27	3.17	-

bisa ng kaisipan batay sa refleksyon sa pambansang kamalayan at sa layunin” na may tamtaman na 28 at 27; at “naibibigay ang lagom na isinasaad ng may-akda” na may 26.00 at 29.00 na mga puntos. “Natutukoy ang mga tauhan sa akda batay sa kilos, gawi at pananalita” bilang pang-

anim na may mga puntos na 26 at 29 at ang average ay 28. Sinundan din ito ng "Natutukoy ang mga bahaging nagpapahayag ng larawang diwa at nagbibigay aliw sa mambabasa" na may mga puntos na 27.00 at 30 na may average na 28.5. Mayroon naman dalawang huling kumpetensi, "Naipapakahulugan ang mga talinghagang salita" na may 29 at 34.00 at "Nakapagpapatunay ng pagkamakatotohanan ng tauhan: na may mga puntos na 30.00 at 33.00. Ang mga ito ay tig-iisang may average na 31.5. Sa kabuuan, nagkaroon ng 27.5 ang average ng di-natutuhang kompetensi sa mga pagsusulit na isinagawa.

Batay sa mga nailahad na datos ng bawat kompetensing nasuri; mapapansin ang kahinaan ng mga estudyanteng tagasagot na mas mababa pa kaysa sa kanilang performans na nakuha sa kanilang paaralan na 48.35. Kahit na ang mean ng paaralan ay mababa pa rin sa 50.00 persentahe kung masteri ang pag-uusapan. Ang nakalap na resulta ay nagpapatunay ng kakulangan sa masteri ng mga aralin at kakulangan ng panahong nasasaklawan ang mga kompetensi at kakulangan kontak na oras sa klasrom.

Paghahambing ng MPS ng mga
Estudyante sa Mock NAT at NAT

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng paghahambing ng mga estudyanteng tagasagot sa Mock NAT at NAT. Batay sa mga tinuos na resulta ang Mock NAT ay may mean na 26.40 at 2.27 na istandard divyisyon sa sampung observasyon. Samantala ang NAT ay may mean na 28.60 at istandard divyisyon na 3.17 sa 10 observasyon din. Ang magkapares na resultang SD ay tinuos upang makuha ang agwat sa pagitan ng mga tamtaman na 2.20. Sinubok at tinaya ang t sa level na halaga na 0.05 at degreng kalayaan na 18; ito'y nagkaroon ng kompyuted t na 1.784. Base sa kritikal t -valyu na 2.101 at probabiliti na 0.09; lumabas na ang kompyuted- t ay mas mababa kaysa sa kritikal t valyu; kung kaya't batay sa desisyon/evalwasyon, di-mahalaga ang naging resulta nito. Samakatuwid, ang ipotesis na, "walang mahalagang pagkakaiba sa mga resultang natamo ng mga estudyante sa mock NAT at NAT" ay tinatanggap.

Ipinahihiwatig sa resultang ito na lubusang nahirapan ang mga estudyante sa mock NAT at NAT. Ito'y isang palatandaan na ang kanilang mga napag-aralan na mga aralin batay sa mga kompetensing nilililang ay di magkatugma sa kanilang kinuhang iksamen. Ito rin ay magsisilbing pambukas na paningin para sa mga guro sa Filipino at mga

Talahanayan 7

Paghahambing ng MPS ng Estudyanteng Tagasagot sa Mock NAT at NAT

Parameter	Mock NAT	NAT
Tamtaman (Means)	26.40	28.60
Istandard Devyasyon (SD)	2.27	3.17
Obserbasyon (n)	10	10
Agwat sa Pagitan ng mga Tamtaman		2.20
Degri ng Kalayaan (df)		18
Level ng Halaga		0.05
Komputed t-valyu		1.784
Kritikal t-valyu		2.101
Probability (P)		0.09
Decision/Evaluation	Di-Mahalaga	Tinatanggap ang Ipotesis

administrador ng mga paaralang pansekundarya na usisain muli ang mga pagsusulit na gawa ng mga guro kung nauugnay o nasa format at kontent ng mga pagsusulit na ibinibigay ng departamento. Di dapat ipagwalang bahala ang kinakaharap na suliranin; dapat matugunan ito ng naaangkop na solusyon para maitaas ang performans ng subjek na Filipino.

Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa Mock NAT at Profayl ng mga Estudyante

Makikita sa Talahanayan 8, ang kaugnayan sa pagitan ng MPS sa Mock NAT at profayl ng mga estudyanteng tagasagot. Nakatuon sa mga varyets na ito ang sumusunod: gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang

Talahanayan 8

Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa Mock NAT at Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot

Profayl	r_{xy}/r_a	Fisher's t-value	Kritikal t-value at $\alpha = .05$, $df=822$	Evalwasyon Ng Ipotesis
Gulang	0.0644	1.85	1.96	Tinatanggap
Kasarian	0.0600	1.72	1.96	Tinatanggap
Markang Natamo sa Filipino	0.2111	6.19	1.96	Rejektad
Sanligang Edukasyon ng mga Magulang				
Ama	0.1005	2.90	1.96	Rejektad
Ina	0.2056	6.02	1.96	Rejektad
Sosyo-Ekonomikong istatus ng mga magulang	-0.1299	-3.76	1.96	Rejektad

edukasyon ng mga magulang sa kategoryang ama at ina; at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang ng mga estudyanteng tagasagot.

Sa parehong talahanayan, ang bawat profayl ng mga estudyante ay tinuos ang korelasyon (r), ang Fisher's t-valyu ng malayang sampol kontra sa kritikal t valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822. Pagkatapos ng pagtutuos at ipaghambing ang resulta binigyan ang mga ito ng evalwasyon kung dapat tanggapin o irejek ang bawat ipotesis.

Gulang. Ito ay may resultang 0.0644 na nagpakita ng kaugnayan sa sinubok na varyabol. Ang tinuos na Fisher's t-valyu na 1.85 ay ikinumpara sa kritikal t-valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822, dahilan sa ito'y mas mababa kaysa sa tabular na valyu lumabas itong di-mahalaga at nararapat na tanggapin ang ipotesis. Ipinahihiwatig nito na ang edad bata man o matanda na ay di-gaanong nakaapekto sa performans akademiko sa larangan ng pag-aaral, sinasabing walang bata o matanda rito.

Kasarian. Ito ay may resultang r na 0.0600 na nagpakita ng kaugnayan. Tinuos din ang Fisher's t-valyu na 1.72 at ito ay ikinumpara kritikal t-valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degri ng kalayaan na 822 dahilan sa ito'y mas mababa kaysa sa kritikal t-valyu naging di-mahalaga ang kinalabasan kung kaya't nararapat lamang na tanggapin ang ipotesis, Ang babae, lalaki o di tiyak na kasarian ay di-gaanong nakaapekto o nakapagpapakiba sa performans sa larangan ng pagsusulit.

Markang natamo sa Filipino. Ito ay may r na 0.2111 na nagpakita ng walang korelasyon o kaugnayan sa sinubok na baryabol. Ang tinuos na Fisher's t-valyu ay 6.19 na mas mataas pa kaysa kritikal t na 1.96 sa 0.05 level ng

halaga at t -value ng kalayaan na 822. Nagpakita ito ng halaga kung kaya't nararapat na irejek ang ipotesis. Ipinahihiwatig nito na ang mga markang natamo ay nagpapakita ng epekto sa performans sa Filipino. Kung kaya't ang may mataas na marka ay inaasahang din makakuha rin ng mataas na iskor o antas sa mga pagsusulit. Gayunpaman ang may mga mababang marka ay makakakuha rin ng mababang iskor sa iksamin.

Sanligang edukasyon ng mga magulang. Ang bahaging ito ay nahahati sa dalawang kategorya; ama at ina. Sa panig ng ama, ang r ay 0.1005 na nagpakita ng kaugnayan. Ang tinuos na Fisher's t -value ay 2.90 na inihambing sa kritikal t -value ay 2.90 na inihambing sa kritikal t -value na 1.96 sa level ng halaga na 0.05, t -value ng kalayaan na 822. Dahilan sa mas mataas ang naging resulta nito sa value kung kaya't nararapat na irejek ang ipotesis.

Sa panig ng ina naman, ito'y may r na 0.2056 at nagpakita ng kaugnayan. Ang tinuos na Fisher's t -value na 6.05 ay mas mataas pa kaysa kritikal t -value na 1.96 sa level ng halaga na 0.05, t -value ng kalayaan na 822. Sa dahilan na mas mataas ang kinalabasan nito, Sa kritikal t -value; kaya't nararapat na irejek ang ipotesis.

Ipinahihiwatig na ang mga magulang ng mga estudyante ay may mataas na edukasyong natamo at ito ay nakaimpluwensiya sa kanilang pag-aaral. Nangangahulugan din ito na dapat tularan sila ang makagpagtamo ng higit pang edukasyon ng kanilang mga magulang. Subalit mayroon naman din itong mga estudyante na nagsusumikap na makagpagtapos na hindi naman katulad sa kanilang mga magulang-ama o ina man.

Sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang. Ang bahaging ito ay batay sa buwanang kita ng mga magulang o kita ng familya. Base sa pagtutuos ng mga datos; nagkaroon ito ng r o korelasyon na -0.1299 na nagpakita ng negatibong kaugnayan. Ang tinuos na Fisher's t ay -3.76 at ito'y ikinumpara sa kritikal t -valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822 . Dahilan sa mas mataas ang kinumpyut na t kaysa sa kritikal na halaga kung kayat rejekted ang ipotesis. Ipinahihiwatig na bagamat negatibo ang naging resultang ito, nagpapabatid sa mga kinauukulan na ang sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang ay nakaapekto rin sa performans ng mga estudyante sa mock NAT. Dagdag pa ang mga estudyanteng may mababang kita ang mga magulang ay nagsusumikap sa kani-kanilang pag-aaral. Ang sitwasyong ito ay isang hamon sa mga

magulang na di-masyadong konsern sa kapakanan ng kanilang mga anak. Sa kabilang panig naman ang mga estudyanteng may mataas na kita ang mga magulang ay di naman nagpapabaya sila sa kanilang pag-aaral.

Bilang paglalagom, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS sa Mock NAT at profayl ng mga estudyante ayon sa gulang" ay tinatanggap, "kasarian ay tinatanggap"; "markang natamo sa Filipino" ay rejekted; sanligang edukasyon ng mga magulang ay rejekted at "sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang" ay rejekted din.

Ang mga pahayag na sumusuporta sa bawat varyet ay natalakay na sa mga nakaraang pahina sa kabanatang ito.

Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa NAT at Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at profayl ng mga estudyanteng tagasagot. Ang mga varyets na pinag-ugnay sa naturang MPS ay ag sumusunod: gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang edukasyon ng mga magulang na nababahagi sa ama at ina; at sosyo ekonomikong istatus ng mga magulang.

Mapapansin sa talahanayan mismo na ang bawat varyet ay may tinuos na r o korelasyon, kompyuted na Fisher's t

Talahanayan 9

Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa NAT at Profayl ng mga Estudyanteng Tagasagot

Profayl	r_{xy}/r_a	Fisher's t-value	Kritikal t-value at =.05, df=822	Evalwasyon Ng Ipotesis
Gulang	0.0478	1.37	1.96	Tinatanggap
Kasarian	0.0677	1.95	1.96	Tinatanggap
Markang Natamo sa Filipino	0.2838	8.49	1.96	Rejektad
Sanligang Edukasyon ng mga Magulang				
Ama	0.0825	2.37	1.96	Rejektad
Ina	0.0987	2.84	1.96	Rejektad
Sosyo-Ekonomikong istatus ng mga magulang	-0.1009	-2.91	1.96	Rejektad

at nakaposted na kritikal t-valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degring kaayaan na 822. Base sa pagsusuri at pagsubok nababatid dito kung ang mga ito ay may halaga o wala at kaalinsabay binibigyan ng desisyon o evalwasyon kung dapat tanggapin o irejek ang ipotesis.

Gulang. Ito ay may r o korelasyon na 0.0478, may tinuos na Fisher's t na 1.37 at kritikal t-valyu na 1.96 sa .05 na halaga, degring kalayaan na 822. Kapansin-pansin na ang tinuos na t ay mas mababa kaysa sa kritikal t valyu; base sa datos na ito di-mahalaga ang varyet na ito at maaaring mapagdesisyunan na tanggapin ang ipotesis

tungkol dito. Ipinahihiwatig sa resultang ito na ang gulang o edad ay hindi nakaapekto sa performans ng NAT. Ito'y nangangahulugan na ang kronolohikal na edad bata man o may gulang na ay di-apektado dahil sa ang mental na kakayahan ay siyang tanging panukat sa anumang pagsusulit.

Kasarian. Ito'y may r o korelasyon na 0.0677, may tinuos na Fisher's t na 1.95, kontra sa kritikal t -valyu na 1.96 sa .05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822. Base sa pagsusuri at pagsubok mayroon lamang kaunting agwat nang pagkamababa ng .01 punto sa dahilang ito'y di-mahalaga nagkaroon ito ng walang kaugnayan kung kaya nararapat na tanggapin ang ipotesis. Ipinahihiwatig din sa resultang ito na walang kinalaman ang kasarian sa performans ng pagsusulit. Lalaki, babae o anuman di-matiyak na kasarian ay pantay-pantay o pareho lamang ang nakukuhang pagsasagawa sa mga akademikong gawaing.

Markang natamo sa Filipino. Ito'y may r o korelasyon na 0.2838, may tinuos na Fisher's t na 8.49 na masyadong mataas kontra sa kritikal t valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822. Dahilan sa napakataas ang tinuos na halaga, nagpapakita lamang na malaki ang epekto nito sa performans sa pagsusulit. Bunga nito ang ipotesis tungkol dito ay nararapat lamang irejek.

Ipinahihiwatig din sa resultang ito na ang mga markang natamo sa Filipino ay malakas na nakatutulong sa pagpapataas ng performans kahit sa iba pang larangan ng pag-aaral. Dagdag pa na ang may mataas na marka ay nakasisigurong mataas din ang nakukuhang iskor at yaong may mababang marka ay maaaring mababa ring iskor ang matatamo o makukuha.

Sanligang edukasyon ng mga magulang. Ang sanligang edukasyon ng mga magulang na nababahagi sa dalawang panig. Una, ang ama ay may r o korelasyon na 0.0835, may tinuos na Fisher's t na 2.37; kritikal t valyu na 1.96 sa .05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822. Dahilan sa mas mataas ang tinuos na halaga kaysa sa kritikal t valyu na 1.96 sa .05 level ng halaga at degrading kalayaan na 822. Nagpakita ito na mas mataas ang datos na tinuos kaysa kritikal t ; kaya nagkaroon ito ng halaga at ang ipotesis tungkol dito ay nararapat lamang na irejek. Ipinahihiwatig dito sa kapwa ama at ina na ang edukasyong natamo ng mga magulang ay malakas na nakaiimpluwensiya sa pag-aaral. Kaya kahit papaano iginagapang ang pag-aaral ng kanilang mga anak na makapagtamo ng mataas na edukasyon na maaaring tumataas pa ang kanilang natamong antas o grado.

Sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang. Ito'y tumutukoy sa kabuhayan ng mga magulang batay sa buwanang kita ng familya. Ang resulta ng pagtutuos ay nagpakita ng r o korelasyon na -0.1009 , Fisher's t na -2.91 kontra sa kritikal t valyu na 1.96 sa $.05$ level ng halaga at degrading kalayaan na 822 . Kapansin-pansin na negatibo ang resulta at mas mataas ang tinuos na t kaysa sa kritikal t na nagpakita ng halaga kung kayat rejekted ang ipotesis. Nangangahulugan din ito na malaki o mababa ang kita ng mga magulang nagsusumikap din ang kanilang mga anak sa pag-aaral. Ito'y isang mapanghamon na sitwasyon para sa mga magulang na kahit mababa ang kita nila nagsusumikap din ang mga estudyante sa kani-kanilang pag-aaral. Sa panig ng mga estudyanteng di-naman nagpapabaya sila sa kanilang pag-aaral.

Bilang paglalagom, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS sa NAT at profayl ng mga estudyante ayon sa gulang" ay tinatanggap; "kasarian" ay tinatanggap; "markang natamo sa Filipino" ay rejekted; "sanligang edukasyon ng mga magulang" ay rejekted at "sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang" ay rejekted din.

Ang mga pahayag na sumusuporta sa bawat varyet ay natalakay na sa mga nakaraang pahina sa kabanatang ito.

Intervensyong Programang Itinagubilin Base sa Kinalabasan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nilayong matukoy ang mga kompetensi sa Filipino na di-lubusang natutuhan ng mga estudyante sa ikaapat na taon ng haiskul, mayroon limang (5) varyets ang iniugnay sa Mock NAT at NAT. Ang mga ito ay gulang, kasarian, markang natamo sa Filipino, sanligang edukasyon at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang. Isinama rin ang saloobin sa subjek na Filipino, MPS ng Mock NAT at NAT. Natukoy rin ang mga kompetensing di-lubusang sa Filipino sa mga nabanggit na pagsusulit. Ang mga ito'y masusing sinuri, sinubok ng mga ipotesis sa kritikal t valyu na 1.96 sa .05 level ng halaga, inivalyuwet kung dapat tanggapin o irejek ang ipotesis pagkatapos inilahad ang mga implikasyon sa bawat isa.

Base sa pangunahing resulta ng pag-aaral ang namanaliksik ay nakapag-isip nang naaangkop ng dalawang intervensyong programa na tutugon sa pangangailangan ng sitwasyon. Una, ang pagsasagawa ng isang masidhing pagsasanay (intensive training) o worksyap ng mga guro sa Filipino at mga administrador ng haiskul. Bibigyan muli

ng maraming pagsusuri ang lahat ng mga kompetensing na lubusang di-natutuhan ng mga estudyante. Ang ikalawa, ay ang maglikha ng isang komite na gagawa ng mga pagsusulit na susunod sa format at kontent ng Filipino sa bagong kurikulum. Ang mga nabuong pagsusulit ay magdadaan sa proseso ng validasyon upang makuha ang katatagan nito na parang istandardays test. Maaaring gamitin ito sa mga klasrum para magkaroon ng familyarisasyon sa iba-ibang uri ng pagsusulit na nagtataglay ng katangian ng isang tunay at validong pagsusulit. Isa man o dalawa ang isakatuparan na programa; tinitiyak na ito'y makapagbibigay lunas sa problemang kinakaharap.

Kabanata 5

LAGOM NG MGA KINALABASAN, KONKLUSYON

AT MGA REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng lagom ng mga kinalabasan, mga konklusyong nabuo batay sa mga resulta at mga rekomendasyong nakuha sa konklusyon ng pag-aaral.

Lagom ng mga Kinalabasan

Narito ang pangunahing mga kinalabasan ng pag-aaral.

1. Ang average na gulang ng mga estudyanteng tagasagot ay 16.69 na taon at may istandard divyisyon na 1.49 na taon. Sa mga lalake 17.06 na taon, sa mga babae, 18.42 na taon at sa mga di-tiyak ang kasarian, 15.67 na taon. Ang mga SD ng gulang 1.70 na taon, 1.26 na taon at 0.58 taon ayon sa pagkasunud-sunod nito.

2. Sa 824 na mga estudyanteng tagasagot; 453 o 54.98 persentahe ay mga lalake; 368 o 44.6 persentahe ay mga babae at 3 o .36 persentahe ay naglahad ng di-tiyak na kasarian kung lalake o babae man sila.

3. Ang average na markang natamo sa Filipino ng mga estudyanteng tagasagot base sa panghuling markahan ay

82.78. persentahe at may istandard devyisyon na 4.68.

4. Ang saligang edukasyon ng mga magulang, ng mga estudyanteng tagasagot, ay nababahagi sa dalawang panig: ama at ina. Sa 824 na mga ama ng estudyanteng tagasagot, ang unang apat na level ng edukasyong natamo ay ang sumusunod: 173 o 21.00 persentahe ay gradwado ng AB/BS ng kolehiyo; nakatuntong ng level sekondari ay 145 o 17.60 persentahe; level kolehiyo, 144 o 17.48 persentahe at ang level elementari ay 143 o 17.35 persentahe. Sa panghuling tatlo: haiskul gradwet, 46 o 5.58 persentahe at di-nakapag-aral ay 6 o .73 persentahe. Sa panig ng mga ina; nanguna ang gradwet ng AB/BS, 194 o 23.54 persentahe; pangalawa, level sekondari, 169 o 20.51 persentahe at pangatlo, level elementari, 103 o 12.50 persentahe. Ang panghuling apat ay di-tiyak 84 o 10.19 persentahe; haiskul gradwet, 73 o 8.86 persentahe at di-nakapag-aral, 7 o .85 persentahe.

5. Ang average ng buwanang kita ng familia ay nailahad na 510 o 61.89 persentahe ay may kitang P11,000 pababa; 196 o 23.79 persentahe, ang may kita mula P11,001-P15,000; 46 o 5.58 persentahe ay di naglahad ng tiyak na kita; kaya wala sa braket; 43 o 5.22 persentahe ay nasa

braket na P20,001-P25,000, ang kita; 12 o 1.46 persentahe ay pataas sa P25,000 buwanang kita.

6. Ang saloobin ng mga estudyanteng tagasagot sa sabjek na Filipino ay may average mean na 3.73 na nagpapakita na sumasang-ayon sa sabjek na ito.

7. Mayroon sampong (10) naitalang kompetensi sa Mock NAT at NAT na lubusang di-natutuhan sa Filipino ng mga estudyanteng tagasagot. Kinuha ang average sa bawat kompetensi at ang weighted means na may resultang ito: sa Mock NAT ay 26.40 at sa NAT ay 28.60. Ang istandard divyisyon ay 2.27 para sa una at 3.17 para sa huli.

8. Ang t-test ng independent sample ay ginamit para sa pagtutuos at paghahambing ng PMS ng mga estudyanteng tagasagot sa Mock NAT at NAT. Ang kompyuted t-valyu na 1.74 ay mas mababa pa kaysa sa kritikal t-valyu na 2.101 sa .05 level ng halaga at probabiliti 0.09. Lumabas itong di-mahalaga; samakatuwid ang unang ipotesis na "walang mahalagang pagkakaiba sa mga resultang natamo ng mga estudyante sa Mock NAT at NAT" ay tinatanggap.

9. Ang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at profayl ng mga estudyanteng tagasagot ay sinubok na ginamit ang Pearson r at Fisher's t-test ng halaga. Base sa gulang ang tinuos na r ay 0.0677, ang Fisher's t ay

1.85 kontra sa kritikal t valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga; dahilan sa ito'y mababa sa kritikal t di-mahalaga ang naging resulta; samakatuwid ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at gulang" ay tinatanggap. Sa kasarian ito'y may tinuos na F-t na 6.19 ay napakataas sa kritikal t na 1.96, sa 0.05 level ng halaga at nagpakita ito ng mahalagang resulta. Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at markang natamo sa Filipino" ay rejekted. Sa sanligang edukasyon ng mga magulang, sa panig ng ama: ang r ay 0.1005 F-t ay 2.90 na mas mataas sa kritikal t na 1.96, sa 0.05 level ng halaga. Sa panig ng ina ito'y may r 0.2056, F-t na 6.02 na mas mataas sa kritikal t na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at nagpakita ang kapwa panig ng mahalagang resulta. Samakatuwid ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at sanligang edukasyon ng mga magulang" ay rejekted. Sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang; ang r ay -0.299, F-t ay -3.76 na mas mataas taas sa kritikal t na 1.96 sa 0.05 level ng halaga; bagamat negatibo ang resulta ito'y nagpapakita pa rin na mahalaga. Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang

kaugnayan sa pagitan ng MPS ng Mock NAT at Sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang" ay rejekted.

10. Ang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at profayl ng mga estudyanteng tagasagot ay sinubok at ginamit ang Pearson r at Fisher's t -test at level ng halaga. Ayon sa gulang ang r ay 0.0478, Fisher's t ay 1.37 na mas mababa kaysa sa kritikal t valyu na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at lumabas na di-mahalaga ang resulta. Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at gulang" ay tinatanggap. Sa kasarian, ito'y may r na 0.0677, Fisher's t na 1.95 na may kaunting agwat ng pagkamababa sa kritikal- t na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at nagpakita ng di-mahalaga. Samakatuwid ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at kasarian" ay tinatanggap. Sa markang natamo sa Filipino; ito'y may r na 0.2838, Fisher's t na 8.49 na napakataas sa kritikal t na 1.96 sa 0.05 level ng halaga at nagpakita ng mahalagang resulta. Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at markang natamo sa Filipino" ay rejekted. Sa sanligang edukasyon ng mga magulang: sa panig ng ama, ito'y may r na 0.987, Fisher's t na 2.84 na mas mataas sa kritikal t valyu na 1.96, sa 0.05 level ng halaga at nagpakitang mahalaga.

Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng NAT at sanligang edukasyon ng mga magulang" ay rejekted. Sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang; ang r ay -0.1009 , $F-t$ ay -2.91 kontra sa kritikal t na 1.96 , sa 0.05 level ng halaga at nagpakita ng negatibo at mahalagang resulta. Samakatuwid, ang ipotesis na "walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng MPS ng NAT at sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang" ay rejekted.

11. Dalawang intervensyung programa ang itinagubilin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito: una, ang pagsasagawa ng isang masidhing pagsasanay (intensive training) tungkol sa pagsusuri muli ng mga kompetensi sa Filipino pagbibigay tuon sa mga kompetensing di-lubusang natutuhan ng mga estudyante; ikalawa; maglikha ng komite na gagawa ng pagsusulit na susunod sa format at kontent ng Filipino sa bagong kurikulum.

Mga Konklusyon

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, narito ang nabuong mga konklusyon;

1. Ang mga estudyanteng tagasagot ay nasa hustong gulang ng kanilang pag-aaral at nasa tamang antas ng taon.

2. Sa kasarian na mas marami ang mga lalake kaysa sa mga babae, karaniwan lamang ang larawang ito sa mga klase. Ito'y isang klase na tinatampukan ng kalalakihan.

3. Ang average na marka sa Filipino ay nagpapakita lamang ng katamtamang pang-akademikong performans. Bukod pa lubos na tiwala sa sarili na madali lamang ang subjek na ito. Kung kaya di ito pinag-aaral nang husto.

4. Ang pagsang-ayon ng mga estudyante sa subjek na Filipino ay isa lamang palatandaan ng tatak ng pagka Pilipino at nagdadala ng tinatawag ng pambansang pagkilanlan.

5. Ang mga magulang ng mga estudyante ay karamihan mataas ang edukasyong natamo halos 50% ay lampas ng haiskul sa ganitong sitwasyon sila'y nagsisilbing huwaran ng kanilang mga anak na nagsisipag-aral.

6. Ang tungkol sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang; masasabing sila ay nasa ibabang linya ng karukhaan (below poverty line) kung kaya't di matutugunan agad ang pangangailangan ng kani-kanilang anak na nagsisipag-aral:

7. Ang mababang performans sa Mock NAT at NAT ay nagpapakita ng kahirapan sa pagsusulit na kanilang nilahukan. Kung kaya't nararapat pang pasidhiin ang

pagtuturo ang mga guro at puspusang pag-aaral ng mga estudyante.

8. Sa mga kompetensong di-lubusang natutuhan sa Filipino ng mga estudyante; nagpapatunay lamang ito ng kakulangan ng masteri; kakulangan ng sapat na panahon at kakulangan ng kontak na oras sa klasrum ng mga guro at estudyante ay ilan lamang sa mga kadahilanan.

9. Ang pagkakatanggap ng unang ipotesis na walang mahalagang pagkakaiba sa mga resultang natamo ng mga estudyante sa Mock NAT at NAT ay nagpapatunay lamang na di-nagkakatatugma ang pagsusulit na ibinibigay ng departamento sa mga itinuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga estudyante sa klasrum.

10. Pinatotohanan na ang gulang ay di-nagkaroon ng kaugnayan sa mga pagsusulit na kinuha nila. Maaaring maisaad dito na ang mental na kakayahan ay siyang may tanging panukat kaysa sa kronolohikal na gulang. Sa kasarian naman ito'y di-nagkaroon ng kaugnayan; babae man o lalake ay pare-pareho lang ang nakukuhang performans sa mga pang-akademikong gawain. Ang markang natamo sa Filipino ay malakas na nakatulong sa performans; ang may mataas na grado ay nagkakaroon din ng mataas na iskor at yaong may mga mababang grado ay mababa naman ang iskor na

nakukuha. Sa sanligang edukasyon ng magulang; ang may mataas na edukasyon na mga magulang ay nakatutulong sa pagpapataas ng performans; gayundin naman ang may mababang edukasyon ay di gaanong nakatulong at naka-bababa rin ng performans. Sa sosyo-ekonomikong istatus ng mga magulang, ang may mababang kita ng mga magulang ng mga estudyante ay may mataas na iskor sa pagsusulit ngunit ang may mataas na kita ng mga magulang ay mababang iskor ang nakuha sa pagsusulit. Nagpapakita rin ito ng kabaliktaran na resulta na nangangailangan pa ng pagsisiyasat.

11. Ang mga interbensiyong programang itinagubilin ay sinisigurong makatutulong sa pagpapataas ng performans ng mga estudyante at pagpapasidhi sa pagtuturo ng mga guro tungo sa mabungang kahirinatnan.

Mga Rekomendasyon

Batay sa nabuong mga konklusyon, narito ang mga rekomendasyon:

1. Hikayatin ang mga estudyante na bigyang atensyon ang subjek na Filipino bilang isa sa mga batayang subjek ng kanilang kurikulum. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng iba-ibang gawaing nakawiwili at kapaki-pakinabang.

2. Sa mga pagpupulong sa paaralan, imbitahin ang mga magulang; pag-usapan ang tungkol sa ugaling pag-aaral

(study habits) ng kanilang mga estudyante kunin ang suporta at koordinasyon ng mga ito. Kailangang-kailangan ang ugnayan ng paaralan at tahanan ng mga estudyante na isang batayang sosyal na institusyon.

3. Sa paghirang ng mga guro sa Filipino dapat na sila'y mga medyor o espesyalado sa Filipino. Bukod pa ditto alam niya ang nilalaman at mga estratehiya sa pagtuturo.

4. Sa pagpili ng tagamasid, sa Filipino bukod sa pagiging medyor sa undergradwadong kurso; nakatapos din siya ng Filipino sa gradwadong pag-aaral at may malawak na kabatiran sa pamamahala at sa pagmamasid sa larangang ito.

5. Magsagawa ng isang pag-aaral hinggil sa kaugnayan ng edukasyon ng mga guro at tagapamahala ng paaralan sa MPS ng mga estudyante bilang panubaybay na pag-aaral (follow-up study.)

Ang lahat ng mga nabanggit na rekomendasyon ay inaasahang maisasagawa ng mga kinauukulan upang maagapan nang maaga ang suliraning kinahaharap ng subjek na Filipino. Sa ganitong hakbang mapabubuti at mapauunlad ang kalidad ng edukasyon.

TALASANGGUNIAN

TALASANGGUNIAN

A. BOOKS

Bernardino, Felicitas and Ramos, Marcos, Non-Formal Education in the Philippines. Reyvil Bulakena Publishing Corporation.

Atkinson, Hilgard et al. Introduction to Psychology. Atlanta: Harcourt Brace Jovanvich, Inc. 1975.

Badayos, Paquito B. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. Makati: Grandwater Publication and Research Corporation, 1999.

Belves, Paz M. et al. Sining ng Komunikasyon. Manila: Rex Book Store, 2005.

Belvez, Paz M. Ang Guro at Ang Sining ng Pagtuturo. Lungsod ng Quezon: Dave Publishing House Inc., 1997.

Cassanova, Arthur P. et al. Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. Manila: Rex Book Store, 2001.

Cassanova, Arthur P. Sining Komunikasyon Pangkolehiyo. Manila: Rex Book Store, 2001.

Diksyunaryong Filipino. Sentenyal Edisyon, Komisyon ng Wikang Filipino, 1998.

Freund, John E. and Gary A. Simon. Modern Elementary Statistics,
Englewood Cliffs, New Jersey: Prentice-Hall, Inc., 1992.

Graham, Allan T. Statistics. Illinois, USA: NTCS Publishing Group,
1953.

Grolier New Webster's Dictionary. Vol. I & II. U.S.A., Grolier Inc., 1992.

Walpole, Ronald E. Introduction to Statistics. 3rd ed.; New York:
Macmillan Publishing Inc., 1982.

B. MGA MAGASIN AT PERYODIKAL

"College Entrance Examination To Be Revised-DepEd Chief"
Philippine Star, August 18, 2006.

Departamento ng Edukasyon, Patnubay sa Operasyonalisasyon ng
Filipino sa Batayang Edukasyon sa Level Secondary, DepEd
Complex Meralco Avenue, Pasig City.

Cabrales, Pedro S. "Correlates of Attitudes Toward Selected Filipino
values of Fourth Year High School Students in the First District
of Leyte; Implications for Curriculum Enrichment in Values
Education," Di-nalathalang tesis, Leyte Normal University,
Tacloban City, 1998.

Costuna, Rita S. "A Comparative Study of the VEP-CAT and NCEE
Performance of Selected Secondary Schools in Northern Samar,"

Di-nalathalang Tesis, University of Eastern Philippines,
University Town, Catarman Hilagang Samar, 1990.

Gerente, Remedios C. "Kakayahan sa Pagbasang Tahimik at ang
Kabuuang Markang Natamo ng mga Mag-aaral sa Ikatlong
Baitang: Isang Pagsusuri: Di-nalathalang tesis, Samar State
Polytechnic College, catbalogan, Samar, 1998.

Hermo, Arturo G. "The Status of Mathematics Instruction in the Five
Secondary Schools of Villareal, Samar," Di-nalathalang tesis,
University of the Visayas, Lungsod ng Cebu, 2001.

Magpayo, Nimfa D. "Proposed Remedial Measures in English for
Grade VI Pupils, "Di-nalathalang tesis, Samar College,
Catbalogan, Samar, 2000.

Mendoza, Adelfa I. "Kakayahan sa Pag-unawa ng mga Salitang
Pampaningin ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang sa mga
Purok ng Catbalogan," Di-nalathalang tesis, Samar College, ,
2004.

Monteros, Edito S. "The Academic Performance of Multigrade Classes:
An Assessment," Di-nalathalang tesis, Samar College,
Catbalogan, Samar, 2002.

Nayangga, Antonio L. Predictors of Mathematics Achievement Among Grade VI Pupils, Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, 2000.

Palines, Gina L. "NSAT Performance of Students in Private Schools: An Assessment", Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, 1998.

Teraza, Philip L. "Influence of Teachers' Instructional Competence on Pupil Catbalogan, Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, Samar, 1997.

Villarante, Felicitas C. "Predictors of the Performance of Second Year Students in Mathematics II in the Division of Tacloban City," Di-nalathalang tesis, Leyte Institute of Technology, Lungsod ng Tacloban, 1994.

Villamor, Julita L. "Correlates of Performance of High School Seniors in Physical Education, Health and Music (PEHM)" Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, 2001.

D. ELEKTRONIK, POLYETO AT IBANG MATERYAL

2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino, Komisyon sa Wikang Filipino, Maynila: 2001.

Resulta ng mga Pagsusulit, Pambansa, Panrehiyon at Pansangay 2003, 2004, 2005. 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas.

Regional Memorandum No. 187 s. 2003 na may petsang Agosto 18,
2003, DepEd Regional Office No. VIII Cadahug, Palo, Leyte.

APENDISES

APENDIKS A

Samar State University
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Catbalogan, Samar

PAGPAPATIBAY SA PAMAGAT

Disyembre 15, 2005

Ang Dekano
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar State University
Catbalogan

Madam :

Sa pagnanais kong makatapos ng degring Master sa Sining ng Pagtuturo (Mat) sa Filipino, ikinararangal kong iharap ang isa sa mga suliraning ito lalung-lalo na ang suliranin bilang isa.

1. Mga Di-Lubusang Natutuhang Kompetensi sa Filipino sa Ikaapat na Taon sa National Achievement Test (NAT) sa Pambansang Paaralan ng Samar-Isang Analisis.
2. Iskimang Interbensyon Para sa Pagpapataas ng Performans sa National Achievement Test (NAT) para sa Mag-aaral sa Ikaapat na Taon.
3. Pagsusuri sa mga Paksang-Araling Itinuturo sa Ikaapat na Taon Batay sa 2002 Batayang edukasyong Kurikulum.

Aasahan ang iyong maagang pagpapatibay sa nabanggit na suliranin.

Lubos na sumasainyo,

(Nilagdaan) **LORETA T. BAYSA**
Mananaliksik

Pinagtibay :

(Nilagdaan) **MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**
Dekanong Gradwado

APENDIKS B**CGS Form 13**

Republic of the Philippines
SAMAR STATE UNIVERSITY
Catbalogan, Samar

College of Graduate Studies

ASSIGNMENT OF ADVISER

December 13, 2005

Dr. Ulrico B. Mustacisa
ES-1
Division of Samar
Catbalogan

Sir:

Please be informed that you have been designated as adviser of Mrs. Loreta T. Baysa, candidate for the degree in MASTER OF ARTS IN FILIPINO proposes to write thesis entitled Mga Di-Lubusang Natutuhang Kompetensi sa Filipino sa Ikaapat na taon sa National Achievement Test (NAT) sa Pambansang Paaralan ng Samar – Isang Analisis.

Thank you for your cooperation.

Very truly yours,

(Nilagdaan) **MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**
Dean, College of Graduate Studies

CONFORME :

(Nilagdaan) **ULRICO B. MUSTACISA, Ed.D.**
Adviser

1st copy – Dean's Office
2nd copy – Adviser
3rd copy – Researcher

APENDIKS C**ANG TALATANUNGAN****PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**

Catbalogan

February 20, 2006

Mahal na Estudyante:

Isang maalab na pagbati sa'yo!

Nasa aking kaalaman na kayo ay abala sa mga sandaling ito dahilan sa malapit na pagtatapos ng klase at marami kayong inaasikaso. Bagkus hinihingi ko ang iyong kaunting panahon na masagot ninyo ang talatanungan kong ito. Ito'y kaugnay sa isang pag-aaral na pinamagatang **"MGA KOMPETENSING DI-LUBUSANG NATUTUHAN SA FILIPINO SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT) SA IKAAPAT NA TAON NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR; ISANG ANALISIS"**, bilang pangangailangan sa kursong Master sa Sining ng Pagtuturo sa Gradwadong Pag-aaral ng Samar State University, Catbalogan, Samar.

Hayaan niyo na manatiling konfidensyal ang iyong mga kasagutan at para lamang sa pagtupad ng pag-aaral na ito.

Maraming salamat! Binabati ko rin kayo sa malapit ninyong pagtatapos!

Lubos na Sumasainyo,

(Nilagdaan) **LORETA T. BAYSA***Mananaliksik*

Inirekomendang Pag-apruba:

(Nilagdaan) **ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.***Tagapayo*

APROBADO:

(Nilagdaan) **MARILYN D. CARDOSO, Ph. D.***Dekano*

Repubilka ng Pilipinas
Komisyon sa LAlon Mataas na Edukasyon
SAMAR STATE UNIVERSITY
Gradwadong Pag-aaral
Catbalogan, Samar

Marso 10, 2006

Mahal na Estudyante:

Isang maalab na pagbati sa iyo!

Nasa aking kaalaman na kayo ay abala sa mga sandaling ito dahilan sa malapit na pagtatapos ng klase at marami kayong inaasikaso. Bagkus hinihingi ko ang iyong kaunting panahon na masagot ninyo ang talatanungan kong ito. Ito'y kaugnay sa isang pag-aaral na pinamagatang "Isang Analisis ng mga Kompetensong Di-lubusang Natutuhan sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) ng mga Estudynate sa Ikaapat na Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar: Batayan Para sa isang Intervensyong Programa." Bilang Pangangailangan sa kursong Master sa Sining ng PAgtuturo sa Gradwadong Pag-aaral ng Samar State University, Catbalogan, Samar.

Hayaan niyo na manatiling konfidensyal ang iyong mga kasagutan at para lamang sa pagtupad ng pag-aaral na ito.

Maraming salamat! Binabati ko rin kayo sa malapit niyong pagtatapos!

Lubos na Sumasainyo,

(Nilagdaan) **LORETA T. BAYSA**
Mananaliksik

ISANG TALATANUNGAN

(Para sa mga Estudyante)

Direksyon: Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay tungkol sa iyong personal at ang ikalawa ay tungkol sa suliranin sa pag-aaral.

Mangyari lamang sagutin ang hinihinging informasyon sa pamamagitan ng pagpuno ng puwang o pagtsek kung alin mang panuto.

I. UNANG BAHAGI: DATOS PERSONAL

1. Pangalan: _____ Gulang _____ Taon at Seksyon _____
2. Tirahan: _____
3. Kasarian: Lalaki _____ (Paki tsek)
Babae _____
4. Markang Nakuha sa Filipino (ika-3 markahan) _____
5. Kita ng Magulang Buwan (Pakitsek)
☐ Mababa sa P 6,000
☐ P 11,000_ P 15,000
☐ P 15,001_ P 20,000
☐ P 21,001_ P 25,000
☐ P 25,001 at pataas
6. Edukasyong natamo ng magulang: Ama _____
Ina _____

II. IKALAWANG BAHAGI: ANG SULIRANIN NG PAG-AARAL

Panuto: Gamitin ang iskalang limang punto ng panukat sa pagsagot sa saloobin o attityud. Lagyan lamang ng tsek ang angkop na kolum na katapat ng aytem sa napiling sagot.

<u>Puntos</u>		<u>Interpretasyon</u>	
5	—	Lubos na sumasang-ayon	(LS)
4	—	Sumasang-ayon	(S)
3	—	Alinlangan o sumasang-ayon ng kaunti	(ASK)
2	—	Di-Sumasang-ayon	(DS)
1	—	Lubos na Di-Sumasang-ayon	(LDS)

Saloobin sa Sabjek na Filipino	(LS) 5	(S) 4	(ASK) 3	(DS) 2	(LSD) 1	Interpre- tasyon
1. Nawiwili ako sa mga aralin/liksyon sa Filipino						
2. Nahihirapan ako sa pag intindi sa iba-ibang paksa sa Filipino.						
3. Nahihirapan ako sa pagsagot na pasalita.						
4. Nagugustuhan ko ang gurong nagtuturo ng liksyon.						
5. Mahihirap ang mga aralin na ibinibigay.						
6. Nakikilahok ako sa iba-ibang gawain.						
7. Nakatutupad ako sa mga output/proyekto.						
8. Bajaoaggagabao ako ng aking mga gawaing bahay o takdang aralin.						
9. Nakasusunod ako sa lahat ng mga tagubilin.						
10. Umaasa akong mataas o maganda ang grado ko sa subjek na ito.						
11. Ibang puna kung mayroon isulat dito _____						

SAMUT-SARI (Miscellaneous)

- Tungkol sa Mock NAT ng Rehiyon. Ano ang mga aytem na nahirapan ka sa pagsagot? _____
- Tungkol sa NAT. Ano ang aytem na nahirapan ka sa pagsagot? _____
- Anu-ano ang iyong pangkalahatang koment o puna sa mga test na kinuha mo? Ilahad ang sagot.

Maraming Salamat !

(Nilagdaan) Gng. LORETA T. BAYSA
Mananaliksik

APENDIKS D**ISKEDYUL NG PRE-ORAL DEFENSE****CGS****Form 15**

Republic of the Philippines
SAMAR STATE UNIVERSITY
 Catbalogan, Samar

COLLEGE OF GRADUATE STUDIES

The Dean
 College of Graduate Studies
 Samar State University
 Catbalogan, Samar

February 27, 2006

Madam :

This thesis/dissertation proposal entitled "MGA KOMPETENSING DILUBUSANG NATUTUHAN SA FILIPINO SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT) SA IKAAPAT NA TAON NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR: ISANG ANALISIS" prepared and submitted by Ms. Loreta T. Baysa in partial fulfillment of the requirement for the degree of Master of Arts major in Filipino is recommended for Pre/Final oral examination on the date and time convenient to your office.

(Nilagdaan) **DR. ULRICO B. MUSTACISA**
 Adviser

Date of
ORAL DEFENSE
 March 3, 2006
 Friday Day
 8:30 AM Time

SSU GRADUATE SCHOOL
 Dean's Office

APENDIX E**SULAT KAHILINGAN**

**Samar State University
Catbalogan, Samar**

Marso 6, 2006

Teotimo M. Orbeso, LLB., CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay ng Samar
Catbalogan, Samar

Sir:

Maligayang Pagbati !

Kaugnay sa pananaliksik na aking isasagawa na may pamagat na "Analisis Para sa mga Kometensang di Lubusang Natutuhan sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) ng mga Estudyante sa Ikaapat na Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar": Batayan Para sa Isang Intervensyong Programa, ako po ay mapitagang humihingi ng pahintulot mula sa inyong tanggapan na makapagsagawa ng aking talatanungan sa Pambansang Paaralan ng Samar at Mataas na Paaralan ng Silanga.

Ang pananaliksik na ito ay makapaglalaan nang sapat na kaalaman sa mga guro na makapagsagawa ng Intervensyong Programa na makatutugon sa nararapat na estratehiya at pagdulog sa pagtuturo ng mga kompetensi na di lubusang natutuhan sa National Achievement Test upang magkaroon ng mabuting kalidad ng edukasyon lalo na sa sekondarya sa ilalim ng B.E.C. Kurikulum.

Maraming salamat sa iyong suporta at kapahintulutang ibinigay.

P.S. Kalakip ang talatanungan.

Lubos na Gumagalang,

(NLG.) LORETA T. BAYSA
Mananaliksik

Inerokemenda :

(NLG.) MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.
Dekano ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay :

(NLG.) TEOTIMO M. ORBESO, LLB., CESO VI
*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay ng Samar*

APENDIKS F**ISKEDYUL NG PRE-ORAL DEFENSE****CGS****Form 15**

Republic of the Philippines
SAMAR STATE UNIVERSITY
Catbalogan, Samar

COLLEGE OF GRADUATE STUDIES

The Dean
College of Graduate Studies
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar

November 11, 2006

Madam :

This thesis/dissertation Final Oral Defense entitled "MGA KOMPETENSING DI-LUBUSANG NATUTUHAN SA FILIPINO SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT) SA IKAAPAT NA TAON NG PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR: ISANG ANALISIS" prepared and submitted by Ms. Loreta T. Baysa in partial fulfillment of the requirement for the degree of Master of Arts major in Filipino is recommended for Pre/Final oral examination on the date and time convenient to your office.

(Nilagdaan) **DR. ULRICO B. MUSTACISA**
Adviser

Date of
ORAL DEFENSE
November 18, 2006
8:30 AM

SSU GRADUATE SCHOOL
Dean's Office

APENDIKS G

PAGSUSULIT SA FILIPINO IV

Republic of the Philippines
DEPARTEMENT OF EDUCATION Regional Office No. VIII
Government Center, Candahug, Palo, Leyte

PAGSUSULIT SA FILIPINO IV

Panuto: Ang pagsusulit ay binubuo ng limampung aytem. Itiman ang bilog ng napiling sagot sa inyong sagutang papel.

Mayaman sa mga lupaing pang-agrikultura ang Pilipinas kaya't pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga Pilipino.

1. Anong uri ng teksto ang binasa?

A. Narativ	C. Ekspositori
B. Informativ	D. Deskriptiv

Ang greenpeace ay isang pandaigdig na organisasyong naglalayong pangalagaan ang kalikasan sa pamamagitan ng mapayapang paraan.

2. Anong uri ng pagpapahiwatig ang ginamit sa teksto?
 - A. pag-uugnay sa pangangalaga ng kapaligiran
 - B. pangangalaga sa pamamagitan ng mapayapang paraan
 - C. pangangalaga ng organisasyon sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa
 - D. pahiwatig na tono o damdamin sa layunin ng Greenpeace
3. "Ang damdaming ito ay hindi umiiral sa mga katutubong Pilipino noong panahon ng Kastila." Ang pangungusap na ito ay nagpapahayag ng:

A. pagsang-ayon	C. isang opinion
B. pagsalungat	D. isang pagtatanong

Ang pinagmulan ni Francisco Baltazar na tinaguriang Balagtas ay isang halimbawa na ang kahirapan ay hindi sagwil sa pagtatagumpay. Dapat siyang tularan pagkat kahit siya mahirap hindi siya nawalan ng pag-asa at ambisyon sa buhay. Nangarap siyang makapag-aral na nilakipan niya nang masidhing pagsisikap at pagtitiyaga. Lumuwas sa Maynila at pumasok na katulong makapag-aral lamang. Siya'y nagtagumpay dahil sa kanyang pananalig sa Diyos, pagtitiis, kasipagan at mabuting pakikipagkapwa.

4. Ang pangunahing diwa sa binasang talata ay:
 - A. Kahit anong katayuan sa buhay kailanman ay may ambisyon na makapag-aral.
 - B. Kahit isang mahirap at may matibay na ambisyon at determinasyon sa buhay ay magtatagumpay.
 - C. higit na magtatagumpay ang mayaman kahit walang ambisyon sa pag-aaral.
 - D. ang mahirap ay higit na nagtatagumpay kaysa mayayaman.

5. Ano ang natatanging hangarin ni Balagtas sa pagluwas ng Maynila?
- Ang maging tanyag at kilalang tao
 - Ang maging mayaman at mapabantog
 - Ang makatapos ng pag-aaral
 - Ang maging mahusay na manunulat

6. Anong larawang diwa ang ipinahayag ng taludturan?
- umaga
 - Tanghali
 - gabi
 - madaling araw

"Magandang gabi po sa inyo, mga ginoo, magandang gabi po padre," ang bati ni Kapitan Tiyago.

Mula sa Noli Me Tangere, Jose Rizal

7. Anong paglalarawan sa tauhan ayon sa ipinahiwatig ng pahayag?
- may utang na loob
 - magalang
 - lapastangan
 - mabagsik

"Huwag ninyong lilimutin ang katotohanang ito. Kung sa halip na gamitin ninyo ang kalayaan ay pagsasamantalahan ninyo ito, hindi tayo uunlad.

Mula sa "Tungkol sa Kalayaan at Pagkakaisa," Apolinario Mabini

8. Anong layunin ng pahayag sa tekstong binasa?
- magbigay katwiran
 - magbigay ng payo
 - magbigay ng opinion
 - magbigay aral

Ang Pinakamalaking Shopping Mall

Ito ang West Edmonton Mall sa Alberta, Canada na binuksan noong 1981 at nakumpleto makaraan ang apat na taon. Ang mall ay may sukat na 110 soccer pitches, may eryang 483,000 square meter (5.2 milyong square feet) sa 49 na (121 acre) na lupain sa loob nito'y naroroon ang 800 tindahan at bahay kalakal at 11 major department stores. Tinatayang sineserbisyuhan nito ang 20 milyong kostumer taun-taon at may parking erya ito na kayang ilulan ang 20,000 sasakyan. Mayroon din itong parke golf course, ice rink, at chapel sa loob.

9. Ang uri ng tekstong binasa ay nagpapahayag ng talatang
- pangkatauhan
 - makabanghay
 - pangkapaligiran
 - kapanahunan
10. Ang West Edmonton Mall sa Alberta, Canada ay nagpapakilala ng
- dami
 - lawak
 - lokasyon
 - propisyon

Kaligkig sa ginaw. Kailangan kong kumita. Sansalop na bigas pambayad P15.00 para sa maghapon, P10.00 para sa tinapa, P5.00 para sa kangkong at P2.00 sa patis. Ang suma P32.00.

lyon marahil ang nasa isip ng Aling Tindera? Sunong ang bilaong walang laman. Walang makuhang isda sa palenke, walang gulay na maitinda. Paano ang buhay?

A, marahil meron sa Blumentrit. O sa Divisoria. Hanggang tuhod man ang tubig ay kailangang makarating. Ito ang aking pag-asa. Ito ang hinihintay ng aking mga anak. Panlaman ng tiyan.

11. Ano ang isinasaad sa pangalawang talata?
 - A. paano ang paghahanap ng pera
 - B. ang matinding kahirapan
 - C. walang makuhang paninda
 - D. paano mabuhay sa mundo
12. Alin sa mga sumusunod na salawikain ang angkop sa seleksyon?
 - A. sa hirap at ginhawa
 - B. pag may tiyaga may nilaga
 - C. pag may itinanim may aanihin
 - D. sa dulo nang walang hanggan
13. Anong damdamin ang nangingibabaw sa teksto?
 - A. nagagalit
 - C. nanlilibak
 - B. nalulungkot
 - D. nanghahamon
14. Ang nais ipabatid ng may akda sa mambabasa ay _____.
 - A. ang hirap ng pamumuhay
 - B. ang kahalagahan ng pagsisikap upang mabuhay ang pamilya
 - C. paano nabubuhay ang tindera sa palengke
 - D. ang iba't ibang lugar kung saan makakakuha ng ikabubuhay
15. Ang tekstong binasa ay nauri sa tekstong _____.
 - A. perswesiv
 - C. prosijural
 - B. argumentativ
 - D. narativ
16. Ang batang nahirati sa puro ginhawa ay:
 - A. madaling mawalan ng pagtitiwala sa sarili
 - B. hindi madaling mamuhay nang maghihirap
 - C. binabalikat ang mga kasiyahan
 - D. maging magastos at galante
17. Tatay, mahal ko kayo. Sa uli-uli po, hindi ko na kayo susuwayin. Ang daramdaming napapaloob sa pangungusap ay :
 - A. pagmamalaki
 - C. pagkainis
 - B. pagmamakaawa
 - D. pagsisisi
18. Alin sa mga sumusunod ang angkop na pamagat sa akda?
 - A. Paano ang Buhay?
 - B. Pangarap na Bituin
 - C. Habang May Buhay
 - D. Buhay sa Likod ng Karimlan

Balutin mo man ng mamahaling hiyas ang iyong buong katawan ay hindi mo maaaring itago ang tatak ng iyong pagka-Pilipino, ang iyong wika ang wikang Filipino.

Ito ang wikang nararapat ipagkapuri, ipagtanggol at ipakipaglaban kung kinakailangan. Hindi masamang matuto ng iba't ibang wika, lalo ng mga wikang dayuhan subalit magpapakadalubhasa ka muna sa sariling wika bago sa iba. Sa ganito higit kang makatutulong sa pagpapalaganap ng iyong sariling wika.

19. Batay sa talataan, ano ang pinakamahalagang tatak ng pagka-Pilipino?
 - A. pagtatanggol sa bayan kung may digmaan
 - B. pakikipaglaban sa mga dayuhan
 - C. paggamit ng mamahaling hiyas
 - D. pagkakaroon ng wikang pambansa
20. Alin sa mga sumusunod ang di-nararapat isagawa
 - A. ipagkapuri ang wikang sarili.
 - B. ipagtanggol at ipakiglaban kung kinakailangan
 - C. ipagbawal ang paggamit ng iba-ibang wika
 - D. unawain ang iba't ibang wika ditto sa ating bansa
21. "Dugo....Pawis.....Buhay..... Ito ang aking alay sa mga taong kabahagi ng aking buhay."
 - A. pagsasakripisyo alang-alang sa minamahal
 - B. paggawa ng kabutihan
 - C. basehan sa pagtulong sa tao
 - D. pagpapahalaga sa samahan
22. Anong pagpapahalaga ang binibigyang-diin sa saknong?

"Datapwat muling sisikat ang araw
Pilit maliligtas ang lugaming bayan."

A. katapangan	C. positibong pananaw
B. pagkamakabayan	D. matibay na pananalig

23. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?

"Iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan."

- A. Walang lihim na hindi nabubunyag
- B. Ang taong isinilang ng mahirap ay mamatay na mahirap
- C. Malungkot ang buhay ng isang taong malihim
- D. Ang kaligayahan ay higit na madarama ng isang tao na nakararanas ng kalungkutan sa buhay.

Gusto mo bang pag-aralan ang isang insekto? Madali lamang ito kapag ginawa mo ang mga sumusunod na hakbang.

Sa pag-aaral sa tipaklong, marami kang matutuhan dahil sa isa itong tipikal na insekto.

Una, maglagay ng isang tipaklong sa isang malaking garapon na may sariwang damo at maliliit na sanga. Pangalawa, takpan ang garapon ng isang pirasong katsa at palibutan ito ng lastiko o goma. Kapag nakita mong namamatay ang damo, magdagdag ka ng sariwang damo, patakan mo ito ng tubig at lagyan din ng maliliit na sanga.

Panghuli, pag-aralan mo ang tipaklong gamit ng isang lente.

24. Alin ang angkop na pamagat sa akda?
- | | |
|---------------------------|--------------------------------|
| A. Tipaklong sa Garapon | C. Paraan ng pag-eeksperimento |
| B. Eksperimentong Insekto | D. Kahalagahan ng Insekto |

25. Ang tekstong binasa ay tungkol sa _____.
- | | |
|----------------------------|---------------------------|
| A. Paghuli ng Tipaklong | C. Pag-aaral sa Tipaklong |
| B. Pag-aalaga ng Tipaklong | D. Pagpatay ng Tipaklong |

26. Sa tekstong binasa ay inilalahad ang _____.
- | | |
|---------------------------------|--------------------------------|
| A. Pagsulat ng isang bagay | C. Paglalarawan ng isang bagay |
| B. Pagsasalaysay ng isang bagay | D. Paggawa ng isang bagay |

Bumagyo nang malakas. Maraming napinsalang mga pananim at hayop. Ang tubig ay lumaki na naging dahilan sa pagkakalunod ng mga taong bayan.

27. Sa seleksyong binasa, ano ang malaking suliraning nangyayari kung laging dadanasin ng mga tao ang ganitong sitwasyon?
- magkakasakit ang taong bayan
 - magugutom ang mga taong bayan
 - walang pasko sa eskwelahan
 - tatahimik ang lugar

28. Bakit napinsala ang mga panahim at hayop nang bumagyo?
- humangin ng malakas
 - pabugso-bugso ang ulan at hangin
 - lumaki ang tubig
 - maalon ang baha ng bagyo

Kaya naman ngayon, sa katandaan ko ay walang nasabi;
kundi ang lasapin ang dikta ng isang huling pagsisisi;
Iluha ang aking palad na nasapit ng napakaapi!

29. Anong pananaw na paniipunan ang ipinahanayag sa taludturan?
- ang pagsunod sa payo ng mga magulang
 - ang pagsisisi ay laging nasa huli
 - ang lahat ng tao ay nagkakamali
 - ang lahat ng tao ay nagsisisi

30. Alin sa taludturan ang nagpapahayag ng talinghaga?
- | | |
|------|-----------|
| A. 1 | C. 1 at 2 |
| B. 2 | D. 3 |

Lagi niyang pinangangalagaan ang kanyang kalusugan, kumukunsulta sa Doktor minsan sa isang buwan kumakain ng wastong pagkain at laging nag-eehersisyo.

31. Ang ibig sabihin ay:

- A. nais humaba ang buhay
- B. gustong tumaba
- C. gustong lumusog
- D. gustong lumakas

32. "Ako ay naglalakbay sa dagat ng pakikitulad nang may isang mahalagang bagay na nababatid."

- A. pamamasyal sa ilalim ng dagat
- B. pagtuklas ng mahalagang bagay sa dagat
- C. pakikipagsapalaran na may tiyak na layunin
- D. pagtuklas sa mga yamang dagat

"Sa langit ay namataan ko ang tangkay-tangkay ng isang malaking kawang may pakpak mabilis-malakas."

33. Ang kanilang pagkampay

- A. nakita ko ang mga taong mahihirap na nagpipilit magkaroon ng tunay na paglaya.
- B. nabatid nang mga ibang nagnanais makalipad ng mataas
- C. natuklasang naghahanap ang lahat ng taong magkaroon ng kalayaan
- D. sa lupa man ay may langit din

34. Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag na ito?

- A. punong puno ng imahinasyon
- B. matayog na pag-iisip.
- C. walang kalayaan sa sarili
- D. wala sa mga ito

"Saka pag humihip ang hangin, ilabas
At sa papawiri'y bayaang lumipad;
Datapwa't ang pisi'y tibayan mo, anak
At baka lagutin ng hanging malakas."

35. Anong uri ng teorya ng panitikan ang naipapanayag sa saknong ng tula?

- A. Humanismo
- B. Eksentensyalismo
- C. Klasismo
- D. Imahismo

Pinarangalan si Fely bilang isang pangunahing babaeng hukom sa kanilang bayan. Nagbago na ang kanyang kaanyuan. Naging moderna at sunod sa uso.

36. Ipinahahayag sa talata ang teoryang:

- A. Romanstisismo
- B. Realismo
- C. Femenismo
- D. Simbolismo

37. "Diba maliwanag? Si Tatay ang nagwasak ng aming tahanan. Siyang dahilan ng pagkaospital ni Nanay, ng pagkamatay ng aking kapatid.... Ng aking pagkaganito!"

- A. pagkagalit
- B. paninisi
- C. pagtatakwil
- D. pagka-inis

38. "Hindi ko na kayo – hindi ko na kayo iiwan... k-k-kelanman!"
 A. nagsisisi C. nangangako
 B. nagpapaliwanag D. nagdadahilan
39. "Hindi ka nagbabago," sabi ni duardo, parang mas... mas... bata ka ngayon, sayang, hindi ka makikita ni Monang.
 A. pagmamalaki C. pagkatuwa
 B. pagsisisi D. paghanga
40. "Ikaw kasi, e, ayaw mo pa akong sagutin. Ikaw rin, baka matapos na ang mundo."
 A. pagkainip at pagmamadali
 B. paninisi at pagbabanta na may biro
 C. pag-asa at pagpapalagay
 D. pagbibiro at pang-iinis
41. "Ano ba naman kayo! Agwador na kayo, gusto niyo pati ako maging agwador"
 A. pagkagalit
 B. pagtangi
 C. paninisi
 D. paglalapastangan

Si Pilar ay nakatira sa isang nayon na may paniniwala at kaugaliang minana. Nakatira sa isang dampang napaligiran ng masaganang halaman at malawak na niyogan na tinuturing niyang yaman.

42. Anong uri ng kwento ang talata?
 A. katutubong kulay C. kwento ng himagsikan
 B. kwentong tauhan D. kwentong makababanghay
43. Ilan ang bilang ng pantig sa unang taludtod?
 A. 6 C. 7
 B. 5 D. 8
44. Sa ikalawang taludtod, ilan ang bilang ng pantig?
 A. 8 C. 10
 B. 12 D. 7
45. Ang halinghing ay parang kudkuran na nagpapangilo sa nerbiyos ng ama. Ang pangungusap ay isang tayutay na:
 A. eksahirasyon K. metapora
 B. simili D. metanomiya
46. Ipinanganak siyang nakahiga sa salapi:
 A. pagwawangis K. pagmamalabis
 B. pagtutulad D. pagpapalit-tawag

47. Lumuluha ang ulap:
A. pagmamalabis
B. pagwawangis
C. pagtutulad
D. pagsasatao
48. Siya ay parang nauupos na kandila sa kahihyan:
A. pagtutulad
B. pagwawangis
C. pagpapalit-tawag
D. pagsasatao
49. O Buwan, hangin mo ako sa aking kinasasadlakan:
A. pagwawangis
B. pagmamalabis
C. panawagan
D. pagsasatao
50. Kapara ko'y anghel sa kalawakan na puno ng hinagpis at paninimdim
A. metapora
B. simili
C. pagwawangis
D. pagsasatao

APENDIKS H

MGA AYTEM SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST

Aytem 1-3 (Mula sa Ibong Adarna)

Urong-sulong magsalita
Tumutol ay di magawa,
Sa takot na mapalisya
Umayon nama'y masama.

1. Anong pag-uugali ng tao ang ipinapahayag ng saknong?
 - A. Mahiyain dahil ayaw makasakit ng damdamin
 - B. Matapang ang loob sa pagsasabi ng nilolob
 - C. Bulag na tagasunod
 - D. Madaling mapaayon

Utos ito ng simbahan
At batas ng kalangitan
Ang una'y may karapatan
Sa pag-ibig ni Don Juan

2. Anong pananaw na panrelihiyon ang ipinahahayag ng saknong?
 - A. Ang paggawa ay nasa tao at ang awa ay nasa Diyos.
 - B. Ang sumusunod sa autos ng Diyos ay maliligaw ng landas.
 - C. Ang utos ng Diyos ay batas
 - D. Ang paghingi ng tulong ay di kabiguan.

"Ako'y naging taksil
at sa ama'y nagsuwail
dahil lamang sa paggiliw
kay Don Juan papatavin."

3. Ano ang ipinahihiwatig ng dalawang saknong hinggil sa labis na pagmamahal?
 - A. Gagawin ang lahat kahit ikamatay.
 - B. Magiging suwail at takot kaninuman
 - C. Pagtitiisan ang lahat ng hrap
 - D. Kakalabanin ang mga magulang

Para sa Aytem 4-6

Paano Mabuhay Nang Marangal?

Nakababahala ang ulat na tumaas ang unemployment rate sa bansa mula sa 12.2 porsyento hanggang 13.7 porsyento ng nakaraang Abril, 2004 base sa ulat ng National Statistics Office.

Ang bilang ng mga walang trabaho ay dumami dahil nabigo ang pamahalaan na makalikha ng mga oportunidad sa mga nagsipagtapos sa nakaraang taon. Dumagdag ito sa labor force na umabot sa 1.68 milyong Pilipino. Ito ay sa kabila ng dagdag na trabaho sa lahat ng sector tulad ng agrikultura, industriya at serbisyo.

Libu-libong manggagawa sa gobyerno ang posibleng mawalan ng trabaho ngayong taon dahil sa programang nationalization scheme ng gobyerno.

Tila wala nang masilungan ang mga mamamayan at nawawalan na ng pag-asa dahil sa suliranin sa trabaho at krisis sa pulitika.

At kung patuloy na magiging ganito ang sitwasyon ng ating bansa, marahil hindi na natin dapat pagtakhan kung bakit nakalimutan ni Juan dela Cruz kung paano ang mabuhay nang marangal.

4. Ano ang pangunahing ideya sa teksto?
 - A. Gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang umangat ang pamumuhay ng mga Pilipino.
 - B. Nakakabahala ang dumaraming bilang ng mga Pilipino na walang trabaho.
 - C. Maraming bilang ng nagsisipagtapos sa pag-aaral ang nakadaragdag sa suliranin ng dumaraming walang trabaho.
 - D. Nakakaapekto ang kaguluhan sa pulitika sa pagtaas ng bilang ng mga walang trabahon.
5. Anong uri ng teksto ang binasa?
 - A. Narativ
 - B. Informativ
 - C. Prosejural
 - D. Deskriptiv
6. Ano ang ipinahihiwatig ng huling talata sa teksto?
 - A. Maraming Pilipino na walang trabaho ang nangingibang bansa.
 - B. Patuloy na maghahanap ang mga Pilipino ng mapapagtrabahuan.
 - C. Maghihirap ang malaking bilang ng mga Pilipino.
 - D. Nakasalalay sa magandang ekonomiya ng bansa ang pamumuhay ng marangal.

Bilang 7-9 (Mula sa Florante at Laura)

Sa tinaghuy-taghoy na kasindak-sindak
Gerero'y hindi na napigil ng habag
Tinunton ang boses ay siyang hina

7. Ayon sa saknong, anong karakter ng tauhan ang nagpapatunay ng pagiging humanistiko?

A. Marahas	C. Matigas
B. Mahabagin	D. Mahinahon

I

"Ang lahat ng ito'y kay amang talastas
Kaya nga ang luha ni ina'y hinamak,
At ipinadala ako sa atenas
Bulag na isip ko'y nang doon mamulat."

II

"At ang baling bibig na binubukalan
Ng sabing magaling at katotohanan
Agad binibiyak at sinisikangan
Ng kalis ng lalong pesting kamatayan

8. Anong makatotonanang pangyayari ang ipinapanayag sa Saknong I?
 - A. ang kagustuhan ng ama para sa anak ang karaniwang masusunod
 - B. Ang pagpapasya ng anak para sa malayang pamumuhay
 - C. Ang mga magulang na Inspuirasyon ng pagpupunyagi ng mga anak
 - D. Ang mga karanasan na makabuluhan
9. Anong uri ng kaisipan ang nakapaloob sa Saknong II?
 - A. Kaisipang pampamilya
 - B. Kaisipang panlipunan
 - C. Kaisipang pansimbahan
 - D. Kaisipang pampamahalaan

Para sa Aytem 10-12

I. Kung tayo'y mapansin, madali nating makikita ang magiging kalagayan ng Wikang Filipino sa darating na panahon, sa takbo ng lengguwaheng ginagamit ngayon ng mamamayan lalo na ng mga kabataan. Ang ganito ay nakatatatag, maaaring tayo na rin ang unti-unting pumapatay sa ating mga katutubong kaangkinan, lalo na sa ating katutubong wika.

II. Kung totoo mang sa nakalipas, nagkaroon tayo ng mga pangamba dahil sa impluwensiya ng daan-taong pananakop ng Espanya at Amerika, kahit man lamang sana sa wikang ating ginagamit ay makalaya tayo sa impluwensiyang iyan.

III. Kaso'y hindi. Aywan kung dapat itong isisi sa konsepto ng bilinggwalismo, na pinairal ngayon sa mga paaralan. Ang konsepto ay maaaring may mabuting layunin. Malaki ang naitutulong sa ating mga manggagawang nangingibang bansa ang kaalaman at kahusayan sa paggamit ng wikang Ingles.

IV. Ang nangyayari ay pinahihigit pa natin ang wikang Ingles kaysa Filipino. At kahit ang hiniram nating salitang Ingles ay binabaybay natin sa Tagalog o Filipino.

Naitatanong namin: kung magpapatuloy ang ganito, anong uri ng Pilipino ang magigisnang darating na henerasyon?

10. Ano ang pangunahing ideya ng editorial?

- A. Nakakabahala na ang kalagayan ng Wikang Filipino.
- B. Ayaw nang magsalita ng Filipino ang kabataan.
- C. Malaki ang impluwensiya ng bilinggwalismo sa pag-unlad ng Wikang Filipino.
- D. Magiging Ingles na ang pangunahing wika sa ating bansa.

11. Ano ang pinakatampok na kaisipan ng buong teksto?

- A. Nahahaluan ng maraming lengguwahe ang Wikang Filipino.
- B. Mahuhulaan ang nangyayari sa Wikang Filipino.
- C. Unti-unting nanghihina ang ating pambansang wika.
- D. Yumayabong ang ating sariling wika.

12. Anong impresyon ang nabuo sa isipan pagkatapos basahin ang teksto?

- A. Unlad ang bayang gumagamit ng iisang wika.
- B. Nanganganib ang pag-unlad ng Wikang Filipino.
- C. Nagkakaunawaan ang mga tao kung may sariling wika.
- D. Magkakaisa ang mga tao sa paggamit ng bilinggwalismo.

Para sa Aytem 13-15

I May gumawa nang masinsinang pag-aaral hinggil sa pagkakaroon ng negatibong pag-iisip. Ito ay epekto ng di magandang karanasan ng bata at masasakit na karanasan sa kanyang paglaki.

II Ang ganitong mga tao ay parang gumamit ng salamin sa mata na may dark color. Madilim ang kanilang tingin kahit maliwanag ang sikat ng araw.

III. Bakit lumalaking mahiyain ang isang bata. Marahil ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataong makihalubilo sa kanyang kapwa bata. Hind siya nabigyan ng kalayaang makapagsalita kahit sa loob ng tahanan at sobrang higpit ang ginawang pagdidisiplina.

IV Ang isa pang dahilan kung bakit may mga taong mapag-isa o loner ay dahil sa pagkakaroon ng malungkot na karanasan. Hindi nila malimot ang masasakit na karanasan. Hindi nila nakikita ang maraming biyaya na ipinagkaloob sa kanila kaysa iba na walang wala.

V Kayraming dapat isipin na maganda! Tayo ay buhay at marami pa ring panahong magugugol upang gumawa ng kabutihan sa kapwa.

13. Anong ideya ang ipinapahayag ng Talaga V?

- A. Laging maganda ang isipin para sa sarili at kapwa.
- B. Huwag pagpapatangay sa labis na kalungkutan
- C. Kalimutan na ang mapapait na karanasan.
- D. Iwasan ang palaging nag-iisa.

14. Ano ang nais ipakahulugan ng pahayag na "madilim ang kanilang tingin kahit maliwanag ang sikat ng araw?"
- Takot silang tumitig sa liwanag ng araw.
 - Nakapokus ang kanilang paningin sa madilim na bahagi.
 - Pinapanatili nilang may takip ang mga mata.
 - Negatibo ang kanilang pananaw sa buhay.
15. Ano ang pangkalahatang impresyon sa tekstong binasa?
- Gawin lagging maaliwalas ang kapaligiran.
 - Iwasan ang pagiging malungkutin at laging mapag-isa.
 - Panatilihin maganda ang pananaw sa buhay.
 - Makihalubilo sa kagaya mong nagdadalamhati.

Para sa Aytem 16-18

I Alam nating ang wika ay lubhang mabisa at siyang lagusan ng ugnayan o siyang instrumento ng komunikasyon – sa sining, kalinangan, kabuhayang-bansa, at maging sa buhay-pulitika. Kapag pinamimihasa natin sa wikang Ingles ang ating mamamayan, lalo na ang ating kabataan, lalaki at tatanda silang ang malasakit, ang pangarap, pati ang tunguhin ay sa kaiisipang dayuhan.

II Ang paningin at isip natin ay magiging sa banyaga, ang ating kilos, gawi, pati marahil ang ating mga kabiguan ay magiging hubog sa kulturang dayuhan, na sa kasawiang palad ay tao rin ang maghahatid sa ating bansa sa kawalang tunguhin.

III Sayang ang aklat ng ating mga pagsisikap, panahon at dugo't pawis na iniukol para tayo makalamang sa tanikala ng mga dayuhan! Para natin maipakilala ang pagdakila sa isang bayani, kailangan mahalín natin ang lahat ng kanyang pagpapakasakit.

IV Huwag tayong maging berdugo ng Wikang Filipino, na ang kamataya'y kamatayan ng lahat ng ukol sa Pilipino.

16. Aling bahagi sa teksto ang nagpapahayag ng pangunahing ideya?
- I
 - II
 - III
 - IV
17. Ano ang nais ipahiwatig ng mga pahayag sa Talataan III?
- Ang lahat ng ating Gawain ay puro banyaga.
 - Ang paggamit ng wikang banyaga ay paghamak sa sariling kultura
 - Ang naging simulain ng ating mga bayani ay marapat pahalagahan.
 - Ang mamuhay sa kulturang banyaga ay nakakaakit sa maraming Pilipino.
18. Ano ang pangkalahatang impresyong hatid ng teksto sa mambabasa?
- Nasa wikang banyaga ang pag-asa ng bansa.
 - Ang Wikang Filipino ang kaluluwa ng bansa,
 - Laganap sa bansa ang pagtangkilik sa wikang dayuhan.
 - Malaki ang impluwensiya ng mga bayani sa pag-unlad ng ating wika.

19. Bilang 19-21 (Mula sa Noli Me Tangere)

- A. Kilala ba ninyo kung sino si Don Pedro Eibarramendia?" buong pagningitngit na tanong ni Elias. "Kay tagal ko nang pinaghahanap ang apelyidong iyan at kayo ang itinuro ng Diyos sa akin."
- B. "Kung magtapos na ang mga araw na itinakda ko at hindi mo pa siya nakakalaban, at ni hindi mo makakasama sa anumang kasayahan si Heneral Martinez, ipagtatapat ko kay Clarita ang iyong pagbabalakayo," banta ni Donya Victorina.
- C. Nawalan ng bait si Elias nang mga sandaling iyon. Parang baliw ito na ang mga mata'y hindi inaalís kay Ibarra na walang tibag namang nakatayo.
- D. "Dalhin mo ang baliw na ito. Sabihin mo kay Maria na bigyan niya ng ibang baro at gamutin,. Pakainin at bigyan ng mabuting hihigan. Mag-ingat kayo at huwag siyang lapastanganin!"

20. Aling pahayag ang nagsasabi ng mga patotoo noong panahon ng panunungkulan ng mga Kastila?

- A. "Ang mga Kastilang naparito sa Pilipinas, sa kasamaang palad, ay di nag-aaral nang marapat."
- B. "Ang mga kabataan ngayo'y walang ibang ginagawa kundi ang manligaw at magsaya."
- C. "Iniibig ng Pilipinas ang España, alam niyang pinagmamalasakitan siya nito. Kung may kasiraan man ang España, siya ang gagawa ng paraan upang mapabuti ang bayan."
- D. "Higit na mainam ang pananampalataya ngayon kaysa noon. Marami ang nawalan ng lupain, kaghinhawaan pati na karangalan mapanatili lang ang pananampalataya."

21. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig ng kariktan ng damdamin?

- A. Hindi na ako nagbabalak maghiganti dahil iginagalang ko ang aking pananampalataya. Ngunit bilang anak, hindi ako nakalilimot.
- B. Ang tinig ay dina kailangan ng mga pusong nagkakaunawaan at nagkakaisa ng tibukin. Kailangan lamang ito upang iparinig ang tula ng mga pusong umaawit sa kaligayahan.
- C. Si Padri Damaso na malapit ang huling araw ng paghuhukom, uulan ng apoy, bato at abo upang parusahan ang inyong mga kapalaluan.
- D. Kahit mahirap maisakatuparan ito dahil sa kakulangan ng pananalapi ng pamahalaan, dapat pagtiisan natin.

Para sa Aytem 22-24

I Sa anyo pa lamang, makikita ang kahirapan ng batang mag-aaral. Ang kanyang damit kahit na malinis ay kupasin, punong-puno ng sulsi at halatang luma na. Ang kanyang baon ay pinagtatawanan lalo pa't kung ito ay isang tinapay na walang palaman,

II Hanggang isang araw ay natuto siyang lumaban. Sa buong pagtataka nila'y bigla na lamang nagkatinig ang mahirap na bata. "Alam ninyo, "anya sa malakas at nagmamalaking tinig, "ako'y may sandaang damit sa bahay."

III Ngunit isang araw ay hindi pumasok sa klase ang batang may sandaang damit. Umabot ito ng isang linggo. Nabahala ang kanyang mga guro at kaklase. Nagpasya silang dalawin ito. Natagpuan nila ito na nakaratay sa isang sulok ng giray-giray na bahay at salat na salat sa anumang kasangkapan. Sa isang sulok rin ay namataan nila ang mga papel na nakadikit sa dingding na may drowing ng iba't ibang disenyo ng mga ikinuwentong mga damit na pawang iniingatan.

22. Anong kaisipan ang nabubuo pagkatapos basahin ang kuwento?
 - A. Ang iba't ibang katayuan ng tao sa lipunan ay siyang larawan din ng buhay.
 - B. Ang pagkukunwari ay dapat lang dahil ang mundo ay puno ng kabalinturaan.
 - C. Ang mga mahihirap ay marunong lumaban sa mga pagsubok.
 - D. Ang tao ay marunong makibagay sa agos ng buhay.

23. Aling talataan ang higit na makatotohanan ang paglalahad sa kuwento?
 - A. Talataan I
 - B. Talataan II
 - C. Talataan III
 - D. Talataan IV

24. Aling talataan ang nagpamalas ng transpormasyon sa tauhan sa aspetong intelektwal?
 - A. Talataan I
 - B. Talataan II
 - C. Talataan III
 - D. Talataan IV

Para sa Aytem 25 – 27

I Mula ng matanggal sa trabaho si Henry, nahirapan na siyang makahanap pa ng mapapasukan. Naubos na rin ng kanyang pamilya ang natanggap na gratuity. Naipagbili pa nila ang kanilang bahay at Mercedes Benz.

II Ang ganitong pangyayari ay nagging ugat ng matinding alitan nila ng kanyang asawa na si Bibette. Di nagtagal, sila ay nagdiborsyo at ang kanilang anak na si Bobby ay naiwan sa custody ni Bibette. Si

Bibette ay nakapag-asawa agad ng mayamang Amerikano. Si Henry naman dala ng mabigat na suliranin at kalungkutan sa anak ay nagbabalak na tapusin na lamang ang kanyang buhay.

III Araw na ng Pasko, maagang nagising ang lahat para gumayak sa simbahan. Si Henry ay nakaupo sa likuran ng pamilya ni Elena. Habang nagmimisa natuon ang kanyang pansin sa pamangkin na si Becca. Matamis ang ngiti nito sa kanya. Hinawakan niya ang munting kamay nito at sinabi na, "Ikaw ay nagsisimula pa lamang sa buhay na ito. Nawa'y huwag kang mabigo, nawa'y maging maligaya ang hinaharap mo... tulad ng kaligayahan ng iyong ina."

IV Pinasalamatan ni Henry ang Diyos sa pagpapatnubay Niya sa kanyang kapatid. Buo na sa kanyang loob na sa hapon na iyon ay gagawin na niya ang binabalak. "Ngayon na ang tamang oras para sa aking plano." Hinalikan niya si Becca ngunit ang bata ay giliw na giliw sa kanya kaya pilit nitong inaabot ang kanyang kamay. Kiniliti ni Henry ang baba ni Becca kaya tumawa ito nang malakas. Nangislap ang mga mata ng sanggol, punung-puno ito ng pag-asa. Naisip ni Henry na kikalabutan siya sa kanyang gagawin kapag maaalala niya ang walang malay na mukha ni Becca. Bigla siyang lumuhod at umiiyak nang matindi. Humingi ng patawad sa Panginoon sa naging masamang balakin. Kasama ng pamilya ng kanyang kapatid, si Henry ay masayang tinapos ang samba at isang katauhan ang muling nabuhay ang pag-asa.

25. Anong kaisipan ang nakapaloob sa akda?
 - A. Ang pananalig sa Diyos ay nakakatulong sa pagbaka ng mga unos ng buhay.
 - B. Ang mga problema ay dumarating upang sukatin ang katatagan ng tao.
 - C. Ang buhay ay paglalakbay na walang katapusan.
 - D. Ang buhay puno ng mga pagsubok.
26. Batay sa kuwento, alin ang pangyayaring may katotohanan?
 - A. Tanghaling nagising si Henry kaya humabol na lang sa simbahan.
 - B. Maagang gumising ang lahat para pumunta sa simbahan noong araw ng Pasko.
 - C. Nakipag-usap kay Henry ang kanyang pamangkin na si Becca sa loob ng simbahan.
 - D. Nangungumpisal si Henry sa pari.
27. Aling talataan ang nagpapakita ng transpormasyon ni Henry sa intelektwal na aspeto?
 - A. Talataan I
 - B. Talataan II
 - C. Talataan III
 - D. Talataan IV

Para sa Aytem 28-30

I Si Ben ay nag-iisang anak at mahal na mahal ng mag-asawang Mang Doro at Aling Pura. Isang araw, Si Ben ay natawag ng pamahalaan sa pagsasanay sa hukbo sa isang kampo sa lalawigan., Ito ay panahon ng pananakop sa Pilipinas ng mga Hapones.

II Buwan ng Marso noon, napabalitang maraming kawal ang kasama sa Martsa ng Kamatayan sa Tarlac, at marahil isa si Ben sa mga ito. Si Aling Pura ay labis na balisa dahil di niya nakita si Ben sa mga bihag na kawal. Nagpumilit siyang hanapin si Ben. Maraming sakripisyo ang naranasan ni Aling Pura sa kanyang paghahanap kay Ben. Halos bumigay na ang katawan dahil sa sobrang pagod ngunit walang luha o pagdaing na narinig sa kanya.

III. Nalaman niyang mula sa isang kakilalang nars na wala si Ben sa talaan ng mga bihag. Nagpatuloy siya sa paghahanap kay Ben ngunit dahil wala nang iba pang pera, ipinagbili ni Aling Pura ang naitagong singsing na naiwan ni Mang Doro. Kalaunan si Aling Pura ay napagbintangang gerilya dahil sa pangungulit niya sa kanyang anak sa mga Hapones. Dinala siya sa piitan at kinulong. Naging mahinang mahina siya at nakahiga na lamang.

IV Isang araw, may mga bombang bumagsak sa Muralya ng piitan na halos ikinaguho nito ngunit di man lamang natinag si Aling Pura. Nabuksan ang pinto ng bilangguan. Isang kawal ang kumalong sa kanya at sa sinag ng araw na tumatama sa mukha ng kawal ay nabanaag niya ang anyo ng lalaki. Hirap na hirap na ibinuka ni Aling Pura ang kanyang bibig. "Ben.... Ikaw ba si Ben.... Ikaw ba ang aking anak?"

V "Inay... ako nga si Ben, ang inyong anak," ang tugon ng kawal. Napalungayngay si Aling Pura. Dinala ni Ben sa sisidlan ng inumin ang walang kulay na labi ni Aling Pura. Iyon ay hindi na gumagalaw. Napailing si Ben at tumangis. "Ina ko! Ina ko!, ang kanyang tanging nasambit.

29. Aling pahayag ang nagpakita ng pagkamakatotohanan ng tauhan?
- Nakauwi si Ben ng buhay kasama ang ina.
 - Sumuko ang katawan ni Aling Pura ngunit hindi ang kanyang paninindigan.
 - Namatay si Aling Pura nang may ngiti sa labi.
 - Natuwa nang labis si Ben nang muling Makita ang ina.
30. Aling bahagi ng talata ang pagpapakita ng iisang matalinong pagpapasiya ni Aling Pura?
- Una
 - Ikalawa
 - Ikatlo
 - Ikaapat

Sa Bilang 31-33, tukuyin ang tauhan sa El Filibusterismo batay sa kanyang paniniwala.

31. Naniniwala siya na ang wikang Kastila kailanman ay hindi magiging wikang panlahat sa kapuluan, hindi gagamitin ng bayan; na ang bawat bayan may sariling wika at sariling kaugalian at damdamin. Sino siya?
A. Isagani B. Basilio C. Simon D. Ilias
32. Naniniwala ang pari na ito na ang mga Pilipino ay walang kahandaan sa himagsikan at makakamit ang kalayaan lamang sa marangal na paraan. Sino siya?
A. Padre Millo
B. Padre Salvi
C. Padre Damaso
D. Padre Florentino
33. Naniniwala siya na hindi makabubuhay na muli ng kahit na isang buhok ng inang patay, makapapanariwa ng ngiti ng namatay na kapatid ang pagtatagumpay ng katwiran at paghihiganti sa daigdig. Sino siya?
A. Simoun
B. Basilio
C. Isagani
D. Elias

Sa Bilang 34-36, tukuyin ang sinisimbolo ng mga sumusunod na tauhan sa El Filibusterismo.

34. Ano ang sinisimbolo ni Kapita Tiyago?
A. Isang matuwid na tao na nagng tulisan dahil sa sinapit na kaapihan.
B. Isang papahinang lipunan na pinababayaang nang masira at mamatay tulad ng Pilipinas.
C. Isang mayamang tao na sumusuporta sa himagsikan.
D. Isang pamahalaan na labis na maimpluwensiya at abusado.
35. Ano ang sinisimbolo ni Kabesang Tales?
A. Isang pangyayari na may kaugnayan sa mga pang-aaping dinanas ng sariling bayan.
B. Isang suliranin sa lupa at ang suliraning ito ang nagtulak sa kasamaan ng isang tao.
C. Isang tiyak na kakilala na wala naming pinag-aral ay nagtatrabaho sa pamahalaan.
D. Isang pipunang unit-unting nawawasak at unti-unting lumalapit kay kamatayan.
36. Sino ang sinisimbolo ni Padre Florentino?
A. Isang paring nagbabalakayo
B. Isang marangal na pari
C. Isang misyonaryong pari
D. Isang paring kulto

Para sa Aytem 37-39

I Ang daigdig natin ay isang tanghalan. tayong lahat dito ay may gagampanan. May bida, may ekstra, doon sa dulaan, Isa-isa silang nagpapaligsahan.

II Kung saka-sakaling papel mo'y maliit, hindi isang hari o kondeng marikit, Huwag mong iluluha o ikasasakit, Sining sa dibdib mo ay kusang ilapit.

III Ang bawat tauhan sa isang tanghalan, Gabay ng director kinakailangan. Katulad ng tao sa sandaigdigan, mapagpalang kamay ay sangkalangitan.

IV Ang mundong ibabaw ay isang tanghalan, tayong lahat dito ay naililwan, bawat galaw natin ay pinagmamasdan Ng Mamang director, hayan sa likuran.

37. Anong larawang-diwa ang mabubuo sa ikalawang taludtod ng huling saknong ng tula?
- Liwanag ng buwan
 - Mundo bilang malaking tanghalan
 - Gabay ng Panginoon
 - Tanglaw ng buhay
38. Sa ikalawang saknong, aling taludtod ang nagpapahayag ng talinghaga?
- 1
 - 2
 - 3
 - 4
39. Aling pahayag sa tula ang nagbibigay-alihw sa mga mambabasa?
- May bida, may ekstra, doon sa dulaan, isa-isa silang nagpapaligsahan.
 - Huwag mong iluha o ikasakit, sining sa dibdib mo ay kusang ilapit.
 - Ang bawat tauhan sa isang tanghalan, gabay ng director kinakailangan.
 - Ang mundong ibabaw ay isang tanghalan, tayong lahat dito ay nailalarawan.

Para sa Aytem 40

Kahoy na talagang taga sa panahon
Sa kunat, asero; sa tigas, kamagong;
Lumalaban pati sa anay at apoy,
Haliging sandigan kahit daang taon.

40. Ano ang larawang diwa na ipinapahiwatig sa tula?
- Isang halig ng bahay na yari sa kahoy.
 - Isang bahay na matibay.
 - Isang pamilya na buo
 - Isang taong may paninindigan

Para sa Aytem 41-42

AWIT NG INA

- | | |
|---|---|
| 1 | Inuugoy-ugoy ng isa ang duyan, |
| 2 | Bunsong nakahiga, inawit-awitan, |
| 3 | "Tulog na bunso ko," awit na marahan |
| 4 | "Ako'y di aalis; sa iyo'y magbabantay" |
| 5 | Sa ganong narinig, bunso ay pumikit |
| 6 | At hindi nagtagal, may ngiting naidlip, |
| 7 | Sa isang payapa't masayang daigdig, |
| 8 | Naglabay sa pakpak ng panaginip. |

41. Aling mga taludtod ang nagpapahayag ng talinghaga?

- A. 1 at 2
- B. 3 at 4
- C. 5 at 6
- D. 7 at 8

42. Aling mga taludturan sa tula ang nagbibigay-aliw?

- A. 7 at 8
- B. 5 at 6
- C. 3 at 4
- D. 1 at 2

Para sa Aytem 43 – 45

I

Isang dapithapon ako ay naglakad
Sa tabi ng dagat, paa ko'y pinadpad
Ang hindi mawari sarili'y naghanged
Magmasid sa alon... ang puso'y
Naganyak.

II

Kay gandang malasin ng alon ng dagat banayad;
Lalo na't tahimik, kilos ay banayad
Ang mumunting isda na aking namalas
Pawang masisigla't punong-puno ng galak.

III

Walang anu-ano, ako ay nagulat
Biglaang nagbago ang hanging-habagat;
Dagling sumaklolo akong mabanayad
Masasayang isda'y nalito't nasindak.

IV

At itinuon ko ang aking paningin
Mapuputing ulap ay kusang nangitim
Ilang sandali pa'y dagling naramdaman
Ang patak ng ulan sa aking katawan.

43. Anong larawang diwa ang Mabubuo sa ikatlo at ikaapat na saknong ng tula?
- May malakas na bagyong parating
 - May malaking isdang tumambad
 - May malaking along parating
 - May masasayang mangingisdang dumating
44. Aling mga saknong ang nagpapahayag ng talinghaga?
- I at IV
 - II at III
 - I at II
 - III at IV
45. Aling saknong ng tula ang nagbibigay-alihw sa mga mambabasa?
- Saknong I
 - Saknong II
 - Saknong III
 - Saknong IV

Para sa Aytem 46-48

I Kailanman at sa lahat ng panahon, ang tao'y laging may pangarap. May mithiin at naisin. Kailangan ng tao ang sipag, tiyaga at pagpapakasakit para tuwirang matamo ang tahasang kaunlaran.

II Isang natatanging bagay lamang ang kailangan ng tao; puwersa ng talino at himagsik ng tandisang paggawa. Isama rin dito ang hindi kumukupas na pananalig at tibay ng kalooban na pagtatamo ng isang kaunlarang napapakinabangan ng bawat kinapal.

III Patuloy ang pagsulong ng tao sabuhay na kanyang hinaharap. Bawat hakbang niya'y patungo sa kaunlarang pandaigdig. Patuloy ang kanyang marka sa pagsulong sa balakid na maaaring makahadlang.

IV Ang isang matino ay makatutulong sa pagtatayo ng isang pamayanang malusog, matahimik at manila.

46. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang naglalahad ng refleksyon sa pambansang kamlauyan?
- Magkaroon ng pangarap at gawing huwaran ang nasimulang adhikain.
 - Matamo ang kaunlarang napapakinabangan ng mamamayang nagkakaisa.
 - Makibaka at piliin ang samahang organisasyon.
 - Makipagkaisa para sa bubuuing pagbabago.

47. Batay sa akda, ano ang kaisipang nagpapakita ng refleksyon sa lipunan?
- A. Itimo sa bawat mamamayan na sa dobleng pagsisikap dulot ay ibayong pag-unlad.
 - B. Ang tiyaga ay makatutulong sa bayan.
 - C. Ang pagiging mahusay na tao ay gabay sa pag-unlad.
 - D. Ang mahihirap ay nagsisikap ding umunlad.
48. Sa kabuuan, ano ang isinasaad ng may akda tungkol sa tao?
- A. Ang taong may matinong pag-iisip ay siyang gabay ng pag-unlad ng isang pamayanan.
 - B. Ang bawat tao'y may landasing tinatahak.
 - C. Ang pag-unlad ng tao ay batay sa kanyang adhikain.
 - D. Maraming balakid sa buhay ng tao bago marating ang tagumpay.

Para sa Aytem 49-50

Maganda ang buhay na ang malaking bahagi ay nagugol sa pagbabasa. Para sa mga taong mahilig sa pagbabasa, masasabing malaki ang papel na ginagampanan ng pagbabasa sa paglinang at paghahanda ng uri ng kanyang kinabukasan. Kung kaya't kailangan rin marunong umuri o mamili ng aklat na babasahin. Napakahalaga ang matutong pumili ng aklat na pinagbubuhatan ng kaalamang huhubog sa kinabukasang tatahakin.

Pagbabasa ang nakatulong sa paghahatid kay kay Dr. Jose Rizal sa kanyang pagiging bayani. Pagbabasa ang nagmulat sa kanya sa mga pagmamalabis ng mga dayuhan. Pagbabasa ang isa sa naghatid sa kanya sa pagiging Dakilang Malayo.

- I. Anong kasipan sa akda ang nagpapahayag ng refleksyon sa pambansang kamalayan?
 - A. Ang aklat na nakawiwiling libangan.
 - B. Ang pagbabasa ng aklat ay isang makabuluhang gawain ng mga kabataan.
 - C. Ang aklat ay salamin n gating katutubong kultura.
 - D. Ang aklat ang huhubog ng ideolohiya ng magiging lider ng bansa para sa pagbabago.
- II. Anong kaisipan ang nagpapahiwatig ng refleksyon sa lipunan?
 - A. Ang aklat ay susi sa teknolohiya at pagsulong ng bansa.
 - B. Ang aklat ay solusyon sa pagkabagot ng mga tao.
 - C. Ang aklat ay tugon sa pagkakaroon ng kaalaman upang mabuhay ng maayos.
 - D. Ang aklat ay gabay para sa kinabukasan ng mga kabataan.

KURIKULUM BITA

Kurikulum Bita

II. DATOS PERSONAL

Pangalan	:	LORETA T. BAYSA
Kapanganakan (Petsa)	:	Marso 24, 1950
(Lugal)	:	Catbalogan, Samar
Tirahan	:	Brgy. 2, Salug San Francisco St. Catbalogan, Samar
Kasalukuyang Posisyon	:	Ulong-Guro VI
Paaralan	:	Pambansang Paaralan ng Samar
Kalagayang Sibil	:	May-asawa
Asawa	:	Florencio D. Baysa
Mga Anak	:	Dexter at Loren Baysa-Sabornido
Apo	:	Sphie Bellatrix B. sabornido

II. SANLIGANG EDUKASYUNAL

Elementari	:	Paaralang Elementarya ng Salug Catbalogan, Samar
Sekondari	:	Samar High School Catbalogan, Samar
Kolehiyo	:	Sacred Heart College Catbalogan, Samar
Gradwadong Pag-aaral	:	Samar State University Catbalogan, Samar
Degring Natamo	:	Master sa Sening ng Pagtuturo (MAT)
Medyor	:	Filipino

III. PROFESYUNAL NA KARANASAN

Guro sa Sekondari	:	14 taon
Master Titser I	:	4 na taon
Master Titser II	:	8 taon
Ulong Guro IV	:	3 taon
Ulong Guro VI	:	2 taon

Tagapagsanay ng Rehiyon SEDP at RBEC sa Filipino

IV. KARANGALAN AT PARANGAL NA NATANGGAP

Mag-aaral na May Karangalan sa Elementarya

LITAW na Guro sa Pambansang Paaralan ng Samar, Catbalogan, Samar, araw ng mga Guro, Disyembre 9, 1988.

Outstanding sa Paglilingkod at dedikasyon sa misyon at vision ng DepEd sa Pagbibigay ng Katangi-tanging resulta sa Regional Test-All. (RTAP) for the School year 1999-2000, Agosto , 2000.

Sertipiko ng Pagpapahalaga/Pagkilala.

Tagapag-ugnay, sa mga Programa at Proyekto Pangwika ng Komisyon sa Wikang Filipino. Pambansang Paaralan ng Samar, Agosto 22, 2006.

Tagapangulo, Komite sa Pagsasagawa ng SISP sa Filipino, Pambansang Paaralan ng Samar, disyembre 2005.

Pangalawang Tagapangulo, Komite sa Proyektong RADE-NAT. Pambansang Paaralan ng Samar, Disyembre 2005.

Tagapanggulo, Teknikal Komite sa Divisyon MANCOM na isinagawa sa Pambansang Paaralan ng Samar. Disyembre 2005.

Tagapanayam, Pampaaralang Gawaing-Kapulungan sa Filipino. Pambansang Paaralan ng Samar. Pebrero 5-6, 2004.

Tagapagsanay/Konsultant, Programang Pampagsasanay Para sa mga Gurong nagtuturo ng Filipino I-IV Content Based-Instruction (CBI) sa Filipino at Pamnunuring Pampanitikan. Naval School of Fisheries, Naval Biliran Abril 28-30, 2003.

Tagapagsanay/Konsultant, Pansangay sa Pagsasanay sa mga Guro sa Content Based-Instruction (CBI) at Panunuring Pampanitikan Tuon sa Implementasyon ng BEC-Filipino.

Tagapagsanay/Tagapanayam, Pansangay na Seminar Workshop sa Pagpapabuti ng Filipino sa Level Sekondari Tuon sa Implementasyon ng BEC Filipino. Calbayog City Divisyon Mayo 8, 2002.

Tagapagsalita, Pangwakas na Palatuntunan sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Mataas na Paaralan ng Wright, Paranas, Samar. Agosto 29, 2002.

Tagahatol, Pansangay na Paligsahan sa Balagtasang BSP., Catbalogan, Samar. Agosto 27, 2002.

Konsultant, Pampaaralang Gawaing-Kapulungan sa Filipino. Pambansang Paaralan ng Samar. Agosto 19, 2001.

Tagapagsalita, Pagdiriwang ng Buwan ng Wika, Pambansang Paaralan ng Samar, Agosto 29, 2000;

Tagapamanihala, Pampaaralang Gawaing-Kapulungan sa Filipino, Pambansang Paaralan ng Samar. Agosto 22, 2000.

Rehiyunal na Tagapagsanay/Konsultant, Pandibisyong seminar-Worksyap sa Mahabang Pananaw sa Pagmamasid at Pagpapabuti ng Pagtuturo ng Filipino sa Level Sekondari Tuon sa Implementasyon ng BEC-Filipino. Ormoc City Divisyon Kultural Center. May 7, 2003.

Rehiyunal na Tagapagsanay/Konsultant, Pansangay na Seminar Workshop sa Makabagong Pananaw na Pagmamasid at Pagpapabuti ng Pagtuturo ng Filipino sa Level Sekondari Tuon sa Implementasyon ng BEC Filipino. Tolosa National High School, Dibisyon ng Leyte, Mayo 25, 2003.

Rehiyunal Tagapagsanay/Konsultant, Pansangay na Seminar Workshop sa Makabagong Pananaw na Pagmamasid at Pagpapabuti ng Pagtuturo ng Filipino sa Level Sekondari Tuon sa Implementasyon ng BEC-Filipino. Tacloban city Divisyon. Abril 8, 2003.

Tagapanayam, Pampaaralang Pagsasanay sa Implementasyon ng Binagong Kurikulum 2002. Mayo 10, 2002.

Panrehiyong Tagapagsanay, Sa mga Tagapagsanay sa Pagtuturo ng Filipino sa Antas Sekundarya. Regional Educational Learning Center (RELC) DECSRO VIII, Sentrong Pampamahalaan, Candahug, palo, Leyte. Agosto 18, 2000.

Tagapagsalita, Pangalawang Buwanang Profesyunal na Komferensya. Pambansang Paaralan ng Samar. Hulyo 29, 2006.

V. MGA SALINGKURANG PAGSASANAY/SEMINAR WORKSYAP NA DINALUHAN

Training-Workshop, Nurturing The Mentally Gifted/Talented Children in the Elementary/Secondary Schools, Regional Teacher Training Center (RTTC), Candahug, Palo Leyte. June 1-3, 2005.

Pansangay na Seminar-Workshop sa Filipino, Iba't ibang Isyu Istratehiya Ikema sa Pagpapaunlad ng Filipino at Evalwasyong Pangwika, Redaja Hall, Catbalogan, Samar. Oktubre 22-23, 2005.

Pampaaralang Pagsasanay, School-Based Orientation Training on More Effective Assessment of Student Learning, Samar National School, February 26-27, 2004.

Pansangay na Pagsasanay, For School Heads and Master Teachers on Pupil/Student Assessment, Redaja Hall, Catbalogan, Samar, Hulyo 18-19, 2005.

Pambansang Seminar-Workshop sa Filipino sa Mahabang Pamamaraan ng Pagtuturo ng Panitikan at 2001 Revisyon ng Panitikan at 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino, Christ the King College. Hulyo 21, 2004.

Panrehiyong Paligsahan, sa Pampanitikan, Wika at Musika sa Level Sekondari at Tagisan ng Talino, Mataas na Paaralang Pambansa ng Leyte, Lungsod ng Tacloban, Agosyo, 18, 2003.

Pambansang Pagsasanay Para sa mga Tagapagsanay sa Pagtuturo ng Filipino Gamit ang CBI at Panunuring Pampanitikan sa Level Sekondari, Teachers Camp, Lungsod ng Baguio, Oktubre 7-11, 2002.

Pampaaralang Gawaing-Kapulungan sa Filipino sa Pagtatasa sa BEC Kurikulum Para sa Epektibong Implementasyon sa Asignaturang Filipino, Pambansang Paaralan ng Samar, Agosto 10-17, 2002.

Pampaaralang Pagsasanay, Implementasyon ng 2002 Binagong Kurikulum ng BEC. Pambansang Paaralan ng Samar. May 6-10, 2002.

School Administrators Forum, DepEd. Secretary, Leyte Normal University (LNU) Compound, Tacloban City. February 8, 2002.

Pambansang Seminar-Workshop sa Filipino, 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar Oktubre 26-27, 2002.

Pansangay na Pagsasanay sa "Effective Institutional Managers, DepEd Division Office, Catbalogan, Samar Disyembre 17-18, 2002.

Pampaaralang Gawaing-Kapulungan sa Filipino, "Kalidad sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan, Pambansang Paaralan ng Samar, Agosto 18-19, 2001.

Pampaaralang Pagsasanay, Para sa Tagapagsanay sa Pagtuturo ng Filipino, Regional Educational Learning Center (RELC) Sentrong Pampamahalaan, Candahug, Palo, Leyte, Agosto 14-18, 2000.

Pansangay na Sanlingkurang Pagsasanay sa Filipino sa Antas Sekundarya, Bulwagang Redaja, Catbalogan, Samar, Setyembre 28-30, 2000.

IV. KARAPATANG SERBISYO SIBIL

DE Teachers' Examination -

May 27, 1971
Catbalogan, Samar

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

<u>Talahanayan</u>	<u>Pahina</u>
1 Distribusyon ng Gulang at Kasarian Ng mgaEstudyanteng Tagasagot	45
2 Markang Natamo sa Filipino ng mga Estudyanteng Tagasagot	47
3 Sanligang Edukasyon ng mga Magulang Ng mga Estudyanteng Tagasagot. . . .	48
4 Sosyo-Ekonomikong Istatus Batay sa Buwanang Katamtamang Kita ng Magulang	51
5 Saloobin sa Sabjek na Filipino ng Mga Estudyanteng Tagasagot	52
6 Mean Percentage Score ng mga Estudyante sa Mocht NAT at NAT . . .	56
7 Paghahambing ng mga Estudyanteng Tagasagot sa Mock NAT at NAT	59
8 Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa Mock NAT at Profayl ng Estudyanteng Tagasagot.	60
9 Kaugnayan sa Pagitan ng MPS sa NAT at Profayl ng Tagasagot	65

TALAN NG FIGURA

Figura		Pahina
1	Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral	11